حوار بين مسلم ونصراني ـ فلبيني

# Ang Talakayan sa pagitan ng Muslim at Kristiyano

جمعية الدعوة والإرشاد وتوعية الجاليات بالزلفي

3

هاتف: ٤٢٣٤٤٦٦ ٠١٦ ـ فاكس: ٤٢٣٤٤٧٧ ٠١٦

جمعية الدعوة بالزلفي

# Talakayan ng Muslim at Kristiyano

## حوار بين مسلم ونصراني

جمعية الدعوة والإرشاد وتوعية الجاليات في الزلفي
Tel: 966 164234466 - Fax: 966 164234477

# Talakayan ng Muslim at Kristiyano

Ikaapat na Edisyon 10/2005

**حوار بين مسلم ونصراني**
**الطبعة السابعة عشر**
**١٤٤٢/٨**
**ترجمة : جمعية الدعوة والإرشاد وتوعية الجاليات بالزلفي**

**Isinalin ng:**
Zulfi Foreigners' Guidance Office
Saudi Arabia


270 Baagil, H.M
B11 Ang Talakayan ng Kristiyano at Muslim
1999 H.M. Baagil; Translated into Filipino by
Zulfi Foreigners' Guidance Office, 1420/1999.
92p.; 12cm×17cm.
ISBN 9960-9024-2-0
1. Christianity 2. Debate and Debating–Christianity.
3. المسيحية
I. Zulfi FGO, tr.II. Title: Talakayan ng Kristiyano at Muslim
III. حوار بين نصراني ومسلم

# PANIMULA

***Sa Ngalan ni Allah, ang Napakamaawain, ang Pinakamaawain***

Nagpapasalamat ako kay Allah sa pagkabasa ko ng manuskrito ng **ANG TALAKAYAN NG KRISTIYANO AT MUSLIM** at sa pagkahi-ling sa akin na sumulat ng panimula sa lubhang nakapagpapamulat na aklat na ito. Ang sinumang interesado sa *Comparative Religion* ay makatatagpo sa aklat na ito ng maraming sorpresang hahamon sa minsang pinaniniwalaan ng marami na mga tandisang katotohanan.

Ang akda na ito ni Dr. Hasan M. Baagil ay nagpapakita ng kanyang maselan at napakaingat na pagpupunyaging ilahad nang malinaw, maikli, at masusi ang kanyang mga natuklasan. Bunga ng kanyang pag-aaral ng Kristiyanismo at Bibliya sa mahigit na apat na taon, napag-alaman ni Dr. Baagil, na isang matapat na Muslim, na hindi lamang nagkakaiba ang mga Kristiyano sa kanilang mga pangunahing paniniwala (Trinidad, Pagka-Diyos ni Jesuscristo, at iba pa), hindi rin nila nalalaman na ang doktrina ng Simbahan ay sumasalungat sa Bibliya sa napakaraming pagkakataon, at na ang Bibliya mismo ay sumasalungat sa sarili nito! Ang kanyang mga pakikipag-usap sa mga kleriko at madlang Kristiyano sa panahong iyon ng pag-aaral ay

nakapagbunsod sa pagsulat ng **ANG TALAKAYAN NG KRISTIYANO AT MUSLM.**

Ang mambabasa ay magugulat kung malalaman niya na sa Bibliya si Jesus (SKP) ay hindi kailanman nag-angkin na siya ay Diyos; na si Jesus ay hindi namatay sa krus; na ang mga himalang ginawa ni Jesus ay nagawa rin ng maraming ibang propeta, at pati na ng mga di-mananampalataya; na hinulaan ni Jesus mismo ang pagdating ni Propeta Muhammad (SKP). Ang lahat ng ito at marami pang iba ay inisa-isang inilahad mula sa maliwanag at maikling mga sipi ng Bibliya. Ang katanungang tiyak na maitatanong matapos na masaksihan ang ganoong malinaw na mga kasalungatan ay: "Ang Bibliya ba ay Salita ng Diyos?" Ang pagsisikap dito ni Dr. Baagil ay hindi naglalayon upang tuyain ang mga Kristiyano at lalo namang hindi upang kutyain si Jesus at ang kanyang mga katuruan. Ilayo ni Allah na mangyari iyon! Ang layunin ay mali-wanag na upang ipakita na ang bulaang mga bintang, ang mga pagsisinungaling, at ang lantarang mga kasinungalingan laban kay Allah at sa Kanyang mga Propeta ay mismong mga panunuya at pangungutya at isang kasuklam-suklam na bagay.

**ANG TALAKAYAN NG KRISTIYANO AT MUSLM** ay nagbibigay-linaw rin sa pananaw ng Islam tungkol sa mga bagay na ito, at nagpapakita kung papaanong iwinasto ng Qur'an, na ipinahayag kay Propeta

Muhammad (SKP) 600 taon na ang nakalipas noong wala na si Jesus (SKP), ang mga kamaliang nakapasok (nang nalalaman o di nalalaman) sa mensaheng inihatid ni Jesus (SKP). Ang aklat na ito ay maaaring maging isang napakahalagang tulong sa kapwa mga Muslim at mga Kristiyano, lalung-lalo na kung isasaalang-alang ang pagnanais na magkaroon ng mga talakayan sa pagitan ng dalawang pananampalataya. Kung ipahihintulot ni Allah ang aklat na ito ay magiging isang mabisang kasangkapan para sa ating mga Muslim sa ating pagsisikap na anyayahan ang mga Kristiyano sa Islam. Ang mga Kristiyano naman ay nararapat na maging lalo pang mulat sa kung ano talaga ang sinasabi ng Bibliya at kung ano nga talaga ang itinuro ni Jesus (SKP), bunga ng pag-aaral sa aklat na ito. Tunay na bilang isang Muslim, ang inaasam-asam ay tanggapin nawa ng Di-Muslim ang Katotohanan at sumaksi sa Kaisahan ni Allah at na si Muhammad ay Kanyang Lingkod, Alagad, at Sugo.

Gantimpalaan nawa ni Allah si Doktor Baagil dahil sa kanyang mga pagsisikap na pawiin ang kadiliman. Nawa'y ang Kapayapaan ni Allah ay sumaating lahat.

MUHAMMAD A. NUBEE

## PAALAALA MULA SA NAGSALIN SA PILIPINO

Ang lahat ng talata ng Bibliya na sinipi sa aklat na ito ay mula sa **Ang Bibliya** ng **Philippine Bible Society (PBS-1978),** maliban sa mangilan-ngilang talatang sinipi sa ibang *version* o salin ng Bibliya.

| | |
|---|---|
| SKP | Sumakanya ang Kapayapaan at ang Pagpapala |
| SlaKP | Sumakanila ang Kapayapaan at ang Pagpapala |
| M. o m. | Muslim |
| K. | Kristiyano |
| Allah | Ang pansariling pangalan ng Diyos |

# Pasasalamat

Ako ay isang Amerikano na pinalaki magmula sa pagkabata sa Kristiyanong pananampalataya. Noong hindi ko pa nasisimulan ang paghahanap ng aking kaluluwa sa Diyos o kay Allah, aking ipinagwawalang-bahala ang maraming mahahalagang bagay.

Pagkatapos ng mga talakayan at pagbabasa at pagbabasang muli ng manuskrito nitong ANG TALAKAYAN NG KRISTIYANO AT MUSLM, nabalik-

balikan ko na ang mga sipi mula sa *King James Version* ng Banal na Bibliya at sa Banal na Qur’an.

Nagpahayag ako sa wakas ng aking *Shahádah* (Pagsasaksi) sa madla sa wikang Ingles sa halip na sa Arabe: “Sumasaksi ako na walang Diyos kundi si Allah, tanging Siya lamang, wala Siyang katambal; at sumasaksi rin ako na si Muhammad ay Kanyang Lingkod at Kanyang Sugo. *Ash'hadu anlá Iláha illalláhu wahdahu lá sharíka lahu wa ash’hadu anna Muhammadan ‘abduhu wa rasúluhu.*

Sa pamamagitan ng pinakamahalaga at pinakapayak na pagsasaksi na ito, naniniwala ako na maraming tao ang susuko kay Allah sa espiritu at katotohanan.

Umaasa ako na ang maikli at madaling maunawang aklat na ito ay mababasa sa buong mundo at aakit sa marami na naghahanap ng tunay na pananampalataya na makatatagpo rito ang kanilang mga isipan ng katiwasayan at kasiyahan.

ROY EARL JOHNSON

# Paalaala mula sa May-akda

***Sa Ngalan ni Allah, ang Napakamaawain, ang Pinakamaawain***

Ang maliit na aklat na ito ay naisulat resulta ng isinagawa kong mga pakikipagtalakayan sa mga klerikong Kristiyano at gayon din sa madlang Kristiyano. Ang talakayan ay magalang, kalugod-lugod, magiliw, at nakapagbibigay-liwanag nang walang anumang bahagyang layuning saktan ang relihiyosong damdamin ng sinumang Kristiyano. Ito ay isang pamukaw at hamon sa Kristiyanismo. Ito ay lubhang kailangan ng sinumang naghahanap ng katotohanan at mga nag-aaral ng *Comparative Religion*.

**H. M. BAAGIL, M.D.**
January, 1984

# Ang Unang Paghaharap sa Pagitan ng Kristiyano at Muslim

**K.** Bakit sa nakalipas na huling dekada ay nagkaroon ng maraming talakayang isinagawa sa pagitan ng mga Kristiyano at mga Muslim tungkol sa kanilang mga paniniwala?

**M.** Sa aking palagay ay dahil mayroon tayong maraming bagay na kapwa pinaniniwalaan. Kami ay naniniwala sa Nag-iisang Lumikha na Siyang nagpadala sa maraming Propeta, at kay Jesus bilang Mesias at Salita ng Diyos na ikinakaila ng mga Hudyo.

Binanggit ng aming Banal na Qur'an sa **Súrah 3:45: "*Banggitin* nang magsabi ang mga anghel: O Maria, tunay na si Allah ay naghahatid ng nakalulugod na balita sa iyo ng *pagsisilang ng* isang salitang mula sa Kanya, na ang magiging pangalan niyon ay ang Kristo Jesus na anak ni Maria; pinarangalan sa mundo at sa Kabilang-buhay, at kabilang sa mga ginawang malapit *kay Allah*."**

May mga talakayang idinaos sa iba't ibang dako ng Europa, Canada, Amerika, at Australia. Kahit ang Vaticano ay hindi nakaiwas. May mga naganap na mga talakayan sa pagitan ng mga teologo ng Vaticano at mga pantas na Muslim ng Egipto sa Roma noong 1970, at sa Cairo noong 1974 at 1978. Gayundin sa pagitan ng mga

teologo ng Vaticano at mga pantas na Muslim ng Saudi Arabia na ginanap sa Roma noong 1974. Maraming ulit sa Colombo, huwag nang banggitin pa ang mga Muslim na inanyayahan ng mga simbahan upang magpahayag ng Islam.

**K.** Kung ang Kristiyanismo ay halos dalawang libong taong gulang at ang Islam naman ay mahigit sa isanlibu't apat na raang taon, bakit ang mga talakayang ito ay hindi idinaos noong nakaraang mga siglo?

**M.** Sa nakalipas na tatlo o apat na siglo, maraming mga bansang Asyano at Aprikano na ang nakararaming mga mamamayan ay mga Muslim ang sinakop ng Britania, Pransia, Holandia, Belgium, Espanya at Portugal. Maraming Kristiyanong misyonaryong kolonista ang nagtangkang mang-akit ng maraming Muslim sa abot ng makakaya nila sa anumang paraan, gaya ng pagbibigay sa kanila ng panggagamot, mga damit, pagkain, mga trabaho para sa mga mahihirap, ngunit kakaunti lamang ang mga nahihikayat. Mayroong maliit na bahagi ng mga *elite* na nahikayat sa Kristiyanismo dahil sa maling akala nila na ang Kristiyanismo ang nagdala sa kanila sa sibilisasyon at kaunlaran sa kaalaman. Mayroon silang isang maling palagay dahil ang kaunlarang ito ay natamo matapos maghiwalay ang Estado at Simbahan sa Europa.

Matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdigan, maraming Muslim mula sa Asyano at Aprikanong mga bansa ang dumayo sa kanlurang bahagi ng mundo bilang

mga manggagawa at mga dalubhasa, na siyang naging dahilan ng lalo pang pagkalapit nila sa mga Kristiyano. Ang mga estudyante ay masigasig din sa pagpapahayag ng Islam.

**K.** May nakikita ka bang iba pang mga dahilan kung bakit nagdadaos ng maraming talakayan sa kasalukuyan kahit na sa kani-kanilang mga misyon?

**M.** Sa palagay ko, ang puwang sa pagitan ng magkabilang panig ay nagiging maliit na dahil sa ang bawat isa ay higit nang mapagparaya, bagamat kapwa pa rin sila nagpapaligsahan sa panghihikayat ng karagdagang mga kaanib. Naaalaala ko pa rin ang guro kong Kristiyano na nagsasabi noon na: "Si Muhammad, ang impostor, ang mapangarapin, at ang may epelipsi." Makikita mo ngayon na kakaunti na ang mga manunulat na naglalarawan sa Islam sa ganoong paraan.

Nadarama naming mga Muslim na higit kaming malapit sa mga Kristiyano kaysa sa mga Hudyo at sa mga walang pananampalataya dahil nagsabi ang Banal na Qur'an sa **Súrah 5:82: "Talaga ngang matatagpuan mo na ang pinakamatindi sa mga tao sa pagkapoot sa mga sumampalataya ay ang mga Hudyo at ang mga nagtambal *kay Allah*. At talaga ngang matatagpuan mo na ang pinakamalapit sa kanila sa pagmamahal sa mga sumampalataya ay ang mga nagsabi: "Kami ay mga Kristiyano." Iyan ay sapagkat may kabilang sa**

**kanila na mga ministro at mga monghe, at sila ay hindi nagmamalaki."** Nakagagawa ang ilang mga denominasyong Kristiyano ng kamangha-manghang pag-unlad sa ngayon sa pamamagitan ng pagkilala, sa kauna-unahang pagkakataon sa kasaysayan, na si Muhammad (SKP) ay nagmula kay Ismael sa pamamagitan ng kanyang ikalawang anak na si Kedar. Ang *Davis Dictionary of the Bible,* 1980, na itinataguyod ng *Board of Christian Education of the Presbytarian Church* sa Amerika ay sumulat ng ganito hinggil sa katagang Kedar: "… Isang liping nagmula kay Ismael (Gen. 25:13) … Ang mga kalipi ni Kedar ay ang Cedrai na tinutukoy ni Pliny at mula sa kanilang lipi sa wakas lumitaw si Mohammed." Sinipi ng *The International Standard Bible Encyclopedia* ang mga sumusunod mula kay A.S. Fulton: "…Sa mga lipi ng mga Ismaelita, si Kedar ay tiyak na isa sa pinakamahalaga, at kaya noong bandang huli ang pangalang ito ay ipinantutukoy sa lahat ng mailap na lipi ng disyerto. At kay Kedar (Kaidar sa wikang Arabe) tinutunton ng mga Muslim na bihasa sa pagtuklas ng kaangkanan ang kaangkanan ni Mohammed mula kay Ismael."

Ang *Smith Bible Dictionary* ay hindi rin magpapaiwan at naglathala ng sumusunod: "Kedar (itim). Ang ikalawang anak ni Ismael (Genesis 25:13) … Tinutunton ni Mohammed ang angkan niya kay Abraham mula sa tanyag na liping Quraysh, na nagmula kay Kedar.

Ang mga Arabe ng Hijáz, na mga Ismaelita noong unang panahon, ay tinatawag na Baní Harb (mga anak ng digmaan), na mga Ismaelita noong unang panahon, mula sa kanilang simula. Si Palgrave ay nagsasabi na ang kanilang wika ay kasingdalisay sa kasalukuyan nang noong isinulat ang Qur'an (610 A.D.), na nananatiling di-nagbabago sa mahigit na 1200 taon; isang magandang katunayan ng pagkapalagian ng mga Kaugaliang Silanganin.

Ang pinakamalaking mahalagang bagay na dinala ng mga Muslim na nandayuhan sa Kanluran ay hindi ang lakas-tao nila kundi ang Islam na sa ngayon ay nag-uugat doon. Maraming moske at *Islamic Center* ang naitatag at marami ang nanumbalik sa Islam. Pinili ko ang salitang "nanumbalik' at hindi "nahikayat" dahil ang bawat isa ay isinilang sa pagsuko kay Allah, na ang ibig sabihin ay Islam. Ito ang kalikasan ng bawat batang isinilang. Ang mga magulang o ang komunidad ay nagpapayakap sa kanya sa Judaismo, Kristiyanismo, ibang mga pananampalataya, o Ateismo.

Ito ay isang patunay rin na ang Islam ay hindi ipinalaganap ng tabak kundi ng pagpapalaganap lamang ng mga indibiduwal o ng mga pangkat ng mga Muslim. Wala kaming espesyal na mga misyong inorganisa na gaya ng sa mga misyong Kristiyano.

Ang populasyon ng mundo ay tumaas ng 136% mula noong 1934 hanggang 1984. Nadagdagan ang

Kristiyanismo ng 47% at ang Islam ng 235%. Tingnan ang *The Plain Truth,* February 1984, sa kanilang isyu ng ika-50 Taong Anibersaryo, na sinipi mula sa *World Almanac and Book of Facts 1935* at sa *Reader's Digest Almanac and Year Book 1983.*

**K.** Kung ang lahat ng tatlong relihiyon, ang Judaismo, ang Kristiyanismo, at ang Islam ay nagsasabing nagmula sa Iisang Lumikha, bakit sila nagkakaiba?

**M.** Ang lahat ng propeta magmula kay Adan hanggang kay Muhammad (SlaKP) ay isinugong may dalang magkatulad na mensahe: ang lubusang pagsuko ng sangkatauhan kay Allah. Ang pagsukong ito ay tinatawag sa wikang Arabe na Islam; nangangahulugan din ang Islam na Kapayapaan, kapayapaan sa pagitan ng Lumikha at ng Kanyang mga nilikha. Hindi gaya ng pangalang Judaismo at Kristiyanismo, ang pangalang Islam ay ibinigay ni Allah, ang Lumikha mismo, gaya ng nabanggit sa Qur'an, **Súrah 5:3: "Sa araw na ito ay Aking ginawang ganap para sa inyo ang inyong Relihiyon, Aking nilubos sa inyo ang Aking pagpapala, at Aking kinalugdan para sa inyo ang Islam bilang relihiyon."** Ang katagang Judaismo o Kristiyanismo ay hindi matatagpuan sa Bibliya, pati na sa Diksyunaryo ng Bibliya. Walang Israelitang propeta na bumanggit sa salitang Judaismo. Si Jesus ay hindi kailanman nagsabi na itinatatag niya ang Kristiyanismo

sa mundo at hindi niya kailanman tinawag ang kanyang sarili na Kristiyano. Ang salitang Kristiyano ay nabanggit lamang nang tatlong ulit sa Bagong Tipan at unang binanggit ng mga pagano at mga Hudyo sa Antioquia noong mga 43 A.D., matagal nang panahong iniwan ni Kristo (SKP) ang mundo. Basahin mo ang Mga Gawa: 11:26: "… at ang mga alagad ay pinasimulang tawaging mga Cristiano sa Antioquia."

Bandang huli ay binanggit ito ni Haring Agripa II kay Pablo sa Mga Gawa 26:28: "At sinabi ni Agripa kay Pablo, Sa kakaunting paghihikayat ay ibig mo akong maging Cristiano."

Samakatuwid ang pangalang Kristiyano ay unang ibinigay ng mga kaaway sa halip ng mga kaibigan. At sa wakas ay binanggit ni Pedro sa kanyang sulat sa 1 Pedro 4:16 upang aliwin ang mga tapat: "Nguni't kung ang isang tao ay magbata na gaya ng Cristiano, ay huwag mahihiya. …"

Ang unang tinaguriang Muslim sa mundo ay hindi si Muhammad (SKP) kundi si Abraham na lubusang sumuko kay Allah. Subalit ang Islam ay isang panuntunan ng buhay na ipinahayag din sa iba pang mga propeta na nauna pa kay Abraham gaya nina Adan at Noe. Samakatuwid, ang Islam ay panuntunan ng buhay para sa buong sangkatauhan.

**K.** Papaanong naging Muslim si Abraham? Siya ay kilala bilang isang Hudyo!

**M.** Isang Hudyo? Sino ang nagsabi sa iyo niyan?

**K.** Itinuro sa amin iyan; ito ay kailangang patotohanan din ng Bibliya.

**M.** Maaari mo bang ipakita sa akin kung saan sa Bibliya na sinabing siya ay isang Hudyo? Kung hindi mo kaagad ito makita, hayaan mong tulungan kita. Basahin mo ang Genesis 11:31.

**K.** "At ipinagsama ni Thare si Abram na kaniyang anak, at si Lot na anak ni Haran, na anak ng kaniyang anak, at si Sarai na kaniyang manugang, asawa ni Abram na kaniyang anak; at samasamang nagsialis sa Ur ng mga Caldeo upang magsipasok sa lupain ng Canaan; at nagsidating sila sa Haran, at nagsitahan doon."

**K.** Samakatuwid, si Abraham na isinilnng sa Ur ng mga Caldeo ay hindi maaaring naging isang Hudyo. Una, dahil ang Ur ng mga Caldeo ay nasa Mesopotamia, na bahagi na ngayon ng Iraq. Kung gayon siya ay higit na Arabe kaysa sa isang Hudyo. Ikalawa, ang pangalang Hudyo ay dumating lamang noong lumitaw si Juda, na apo ni Abraham, na anak ni Jacob (Tingnan ang tsart sa pahina 15.) Basahin mo pa ang Genesis 12:4-5.

**K.** "… at si Abram ay may pitong pu't limang taon, nang umalis sa Haran … at dumating sa lupain ng Canaan."

**M.** Samakatuwid si Abraham ay nandayuhan sa Canaan sa gulang na pitumpu't limang taon at maliwanag na

binanggit ng Bibliya na siya ay isang dayuhan doon, ayon sa Genesis 17:8: "At ibibigay ko sa iyo, at sa iyong binhi, pagkamatay mo, **ang lupaing iyong mga pinaglakbayan,**[1] ang buong lupain ng Canaan, na pag-aaring walang hanggan at ako ang magiging Dios nila." Basahin mo ngayon ang Genesis 14:13.

**K.** "At dumating ang isang nakatanan, at ibinalita kay Abram na Hebreo."

**M.** Papaano mong matatawag si Abraham na isang Hudyo kung ang Bibliya mismo ay tumatawag sa kanya na Hebreo na ang ibig sabihin ay isang taong buhat sa kabilang ibayo ng ilog Eufrates. Nangangahulugan din itong kabilang kay Ebel, na isang inapo ni Shem. Basahin mo ngayon ang Genesis 32:28 kung ano ang nangyari sa pangalan ni Jacob matapos makipagbuno sa Anghel.

**K.** "At sinabi niya, Hindi na tatawaging Jacob ang iyong pangalan, kundi Israel; sapagka't ikaw ay nakipagpunyagi sa Diyos at sa mga tao at ikaw ay nanaig."

**M.** Samakatuwid si Abraham ay isang Hebreo. Ang mga inapo ni Jacob ay ang mga Israelita na binubuo ng labindalawang lipi. Si Juda ay pinalayawan na "Judio" kaya sa simula ang mga inapo lamang ni Juda ang

---

[1] ***"the land wherein thou art a stranger."*** sa King James Version.

tinawag na mga Hudyo. Upang malaman mo kung sino talaga si Moises, basahin mo ang Exodo 6:16-20.

**K.** "At ito ang mga pangalan ng mga anak ni Levi ayon sa kanilang lahi; si Gerson, at si Coath, at si Merari … At ang mga anak ni Coath; si Amram … At nag-asawa si Amram kay Jochebed na kapatid na babae ng kaniyang ama, at ipinanganak nito sa kaniya si Aaron at si Moises …"

**M.** Samakatuwid si Moises ay hindi isang Hudyo, sapagkat hindi siya nagmula kay Juda, kundi isang Levita. Si Moises ay ang mambabatas (Ang Torah ay Batas) para sa mga inapo ni Israel.

**K.** Papaano mong maipaliliwanag ito?

**M.** Dahil ginagamit naming pamantayan ang Banal na Qur'an. Maipaliliwanag mo ang Bibliya at maiwawasto ang masamang palagay ng mga Hudyo at mga Kristiyano sa pamamagitan ng mga talata ng Qur'an. Ito ang huling Aklat na ipinahayag na hindi kailanman nabago o nadagdagan. Ang mga nilalaman nito ay ginagarantiyahan ni Allah sa **Súrah 2:2: "Ang Aklat na ito ay walang mapag-aalinlanganan, …"** at ganoon din sa **Súrah 15:9: "Tunay na Kami, Kami ay nagpapababa ng Paalaala (Qur'an), at tunay na Kami ay talagang mag-iingat nito."** Ang talatang ito ay isang hamon sa sangkatauhan. Ito ay isang malinaw na katotohanan na sa mahigit sa isanlibo't apat na raang taong nakalipas, wala

ni isa mang salita sa Qur'an na ito ang nabago bagamat ang mga di-mananampalataya ay nagtangka na sa abot ng kanilang makakaya na baguhin ito, ngunit labis silang nabigo sa kanilang mga pagpupunyagi. At tulad nga ng nabanggit sa Qur'an: **"Tunay na Kami ay talagang mag-iingat nito,"** sumpa man kay Allah, iningatan Niya ito.

Sa kataliwasan, ang lahat ng iba pang banal na aklat (Torah, Salmo, Ebanghelyo, at iba pa) ay nabago ng mga pagdaragdag, mga pagbabawas o mga pagpapalit mula sa tunay na anyo.

**K.** Ano ang sinasabi ng Qur'an tungkol kina Abraham at Moises (SlaKP) na inyong mahuhulo (*deduce*) mula sa Bibliya?

**M.** Sa **Súrah 3:65: "O mga May Aklat, bakit kayo nagtatalo tungkol kay Abraham, samantalang hindi ibinaba ang Torah at ang Ebanghelyo kundi noong wala na siya? At hindi ba kayo nakauunawa?"** At sa **Súrah 3:67: "Si Abraham ay hindi isang Hudyo at hindi isang Kristiyano, bagkus ay isang makakatoto-hanang Muslim. hindi siya napabilang sa mga Nagtatambal *kay Allah.*"**

Sa **Súrah 2:140: "O sinasabi ninyo: "Tunay na sina Abraham, Ismael, Isaac, Jacob, at ang mga lipi *ng Israel* ay mga Hudyo o mga Kristiyano?" Sabihin mo: "Kayo ba ay higit na nakaaalam o si Allah?" At sino**

**pa ang higit na lumalabag sa katarungan kaysa sa kanya na nagtatago ng patotoo na nasa kanya na buhat kay Allah? At si Allah ay hindi pabaya sa mga ginagawa ninyo." "** Tiyak na hindi sila mga Hudyo o mga Kristiyano yayamang ang pangalang Hudyo ay dumating noong wala na si Juda at ang pangalang Kristiyano ay dumating noong matagal nang wala na si Jesus.

**K.** Kakaibang pakinggan ang pangalang Allah. Bakit hindi mo sabihing *God* kung nagsasalita ka ng Ingles?

**M.** Oo, tunay ngang ang pangalang Allah ay kakaibang pakinggan sa mga hindi Muslim ngunit ang pangalang ito ay ginamit ng mga Propeta magmula kay Adan hanggang kay Muhammad (SlaKP). Ito ay isang pagpapaikli ng dalawang salitang Arabe na *Al-Ilắh* na ang ibig sabihin ay Ang Diyos. Kapag inalis ang titik na "*I*" ay makikita mo ang salitang Allah. Ayon sa kinalalagyan nito sa isang pangungusap na Arabe, maaari itong mag-anyong Allah*a* na malapit sa *Eloha* na pangalan ng Lumikha sa wikang Hebreo. Ngunit ginagamit nang mali ng mga Hudyo ang maramihang anyo nito na *Elohim* na ang ipinapakahulugan ay higit sa isang Diyos. Ang salitang Allah*a* ay malapit ang tunog sa *Alaha* na siyang pangalan ng Diyos sa wikang Aramaic na ginagamit noon ni Jesus (tingnan sa *Encyclopedia Britannica,* 1980 ang tungkol sa Allah at Elohim). Kaya bagaman ang pangalang Allah ay

kakaiba sa mga hindi Muslim, ito ay hindi kakaiba sa mga Propeta mula kay Adan hanggang kay Muhammad (SlaKP) yayamang sa pangkalahatan sila ay nagpalaganap ng iisang Islam na ang kahulugan ay lubusang pagtalima, at ang salitang Allah ay tumutukoy sa pansariling pangalan ng Tunay na Diyos. Ito ay walang maramihang anyo at wala ring kasarian, kaya walang salitang 'mga Allah,' o lalaki o babaeng Allah, hindi gaya ng salitang Diyos na maaaring maging "mga Diyos" o "Diyos" o "Diyosa." Nakalilitong gamitin ang salitang *God* sa dahilang maraming Kristiyano na nagsasalita ng Ingles ang kumikilala pa rin kay Jesus bilang Diyos. Kahit na ang salitang Tagapaglikha ay nakalilito rin sa dahilang ipinaggigiitan pa rin ng maraming Kristiyano na nilikha ni Jesus ang sanlibutan.

Hindi lamang sa ang salitang Allah ang kakaiba, ang paraan rin ng pagsamba ng mga Muslim kay Allah na may kasamang paghuhu-gas, pagyukod, pagluhod, at pagpapatirapa, at ang pag-aayuno ay kakaiba rin sa mga hindi Muslim, subalit hindi kakaiba sa lahat ng Propeta. Bagamat ang paghuhugas (paglilinis ng kamay, mukha, braso, paa, at pagbabasa ng ulo) bago sumamba ay tinalikdan na ng mga makabagong Kristiyano, ito ay ipinag-uutos pa rin sa mga Muslim at ipinag-utos din sa mga naunang Propeta gaya ng makikita sa sumusunod na mga sipi ng Bibliya: Exodo 40:31-32: "At si Moises at si Aaron at ang kaniyang mga anak, ay nagsipaghugas doon

ng kanilang mga kamay at ng kanilang mga paa; Pagka sila'y pumapasok sa tabernakulo ng kapisanan, at pagka sila'y lumalapit sa dambana ay naghuhugas sila: gaya ng iniutos ng Panginoon kay Moises." Bagamat si Pablo ay gumawa ng maraming pagbabago sa katuruan ni Jesus (SKP), siya ay tapat pa rin hinggil sa paghuhugas bago sumamba gaya ng makikita sa Mga Gawa 21:26: "Nang magkagayo'y isinama ni Pablo ang mga tao, at nang sumunod na araw nang makapaglinis na siyang kasama nila ay pumasok sa templo …" Ang mga babaeng Muslim ay nagsasagawa ng pagda-rasal na nakabalot ang kanilang mga ulo na tulad ng mababasa sa 1 Mga Taga Corinto 11: 5-6 at 13: "Datapuwa't ang bawa't babaing nananalangin o nanghuhula na walang lambong ang kaniyang ulo, niwawalan ng puri ang kaniyang ulo; sapagka't gaya rin ng kung kaniyang inahitan. Sapagka't kung ang babae ay walang lambong, ay pagupit naman; ngunit kung kahiyahiya sa babae ang pagupit o paahit, ay maglambong siya...Hatulan ninyo sa inyo-inyong sarili: nararapat baga na manalangin ang babae sa Dios nang walang lambong?" Ang mga Muslim ay sumasamba nang may kasamang pagyuko, pagluhod, pagpapatirapa, at walang sapatos tulad ng ginawa ng mga naunang Propeta: Mga Awit 95:6: "Oh magsiparito kayo, tayo'y magsisamba; Tayo'y magsiluhod sa harap ng Panginoon na May-lalang sa atin." Josue 5:14: "... at si Josue ay nagpatirapa sa lupa at sumamba …" I Mga Hari 18:42: "… At si Elias ay

umahon sa taluktok ng Carmelo; at siya'y yumukod sa lupa, at inilagay ang kaniyang mga mukha sa pagitan ng kaniyang mga tuhod." Mga Bilang 20:6: "At si Moises at si Aaron ay umalis sa harap ng kapulungan at napasa pintuan ng tabernakulo ng kapisanan, at nangagpatirapa: at ang kaluwalhatian ng Panginoon ay lumitaw sa kanila." Genesis 17:3: "At nagpatirapa si Abram: at ang Dios ay nakipag-usap sa kaniya na sinasabi …" Exodo 3:5 at Mga Gawa 7:33: "At sinabi (ng Diyos kay Moises), Huwag kang lumapit dito, hubarin mo ang iyong panyapak sa iyong mga paa, sapagka't ang dakong iyong kinatatayuan ay banal na lupa."

Mangangatal ang isang Kristiyano kapag narinig niya na ang Peregrinasyon (*Pilgrimage*) o *Hajj* na ginagawa ngayon ng mga Muslim sa pamamagitan ng pag-ikot sa banal na bato: ang Ka'bah, na nasa Makkah ay isinasagawa rin noon ng maraming Propeta, pati na ng mga Israelitang Propeta.

**K.** Hindi ko nabasa kailanman sa Bibliya ang Peregrinasyon o ang sagradong bato.

**M.** Ito ay maliwanag na binanggit nang makailang ulit, subalit hindi napansin ng mga mambabasa ng Bibliya:

1. Nang si Jacob ay papuntang Padan-aram, nakakita siya ng isang pangitain at nang sumunod na umaga ay nagtayo siya ng isang haliging bato na tinawag niyang Betel na ang ibig sabihin ay ang Bahay ng Diyos (Genesis 28:18-19).

2. Pagkalipas ng maraming taon, ang Propeta ring iyon na si Jacob ay inutusan ng Dios na pumaroon sa Betel (Genesis 35:2,14,15). Inalis ni Jacob ang lahat ng mga diyus-diyusan bago pumunta roon. Inalis din ni Propeta Muhammad (SKP) ang lahat ng diyus- diyusang nakapaligid sa banal na bato, ang Ka‘bah sa Makkah.

3. May isa pang haliging itinayo ni Jacob at ng kanyang biyanang si Laban (Genesis 31:45-49): “At kumuha si Jacob ng isang bato, at itinindig na pinakaalaala. At sinabi ni Jacob sa kaniyang mga kapatid, Manguha kayo ng mga bato; at kumuha sila ng mga bato at kanilang ginawang isang bunton: at sila’y nagkainan doon sa malapit sa bunton. At pinangalanan ni Laban na Jegar-Sahadutha, datapuwa’t pinangalanan ni Jacob na Galaad … At Mizpa sapagka’t kaniyang sinabi, Bantayan ng Panginoon ako at ikaw.”

4. Nagkaroon ng digmaan si Jephte at ang mga anak ni Ammon laban sa isa’t isa. Si Jephte ay nagpanata sa Panginoon sa Mizpa sa Galaad na kanyang ihahandog ang kanyang nag-iisang anak na babae kung siya ay mananalo sa digmaan. Siya ay nanalo, at kanyang sinunog ang kanyang anak na babae bilang handog sa Panginoon (Hukom: 11:29-39).

5. Ang apat na raang libong kawal mula sa labing isang lipi ng Israel ay nanumpa sa harap ng Panginoon sa Mizpa na lilipulin nila ang lipi ni Benjamin (Hukom 20 at 21).

6. Ang mga anak ni Israel sa pamumuno ni Samuel ay nanumpa sa Mizpa na kanilang sisirain ang kanilang mga diyus-diyusan kung magwawagi sila sa digmaan laban sa mga Filisteo (1 Samuel 7).

7. Ang buong bansang Israel ay nagtitipon sa Mizpa noong si Samuel ay itinalagang Hari ng Israel (1 Samuel 10).

Malinaw na sa kasalukuyan ay wala nang natitirang Mizpa sa mundo maliban sa pinakamatanda na nasa Banal na Bayan ng Makkah na itinayo ni Propeta Abraham at ng kanyang anak na si Ismael na siyang ninuno ni Propeta Muhammad (SKP). Ang mga Muslim talaga ang mga tagasunod ng mga Propeta. May masasabi pa ako sa iyo na iba pang mga bagay tungkol sa mga Muslim, sa Islam, at kay Muhammad (SKP) sa Bibliya, subalit bakit dapat mong malaman ang mga ito kung hindi ka naman naghahanap ng katotohanan?

**K.** Nakatitiyak ako sa aking sariling paniniwala bilang isang Kristiyano subalit naging interesado akong malaman ang tungkol sa dalawang relihiyon. Kung minsan ay nakararamdam ako na para akong tinutuya bilang isang Kristiyano matapos magbasa ng mga aklat na isinulat ng mga Muslim.

**M.** Nakaepekto ba ito sa iyo sa iyong pamumuhay panrelihiyon?

**K.** Oo, hindi na nga ako pumupunta sa simbahan na kasingdalas na gaya noong dati. Lihim na akong

nagbabasa ng mga aklat na isinulat ng mga Muslim. Itinanong ko na sa mga Muslim ang hindi malinaw sa akin, ngunit hindi pa rin ako nasisiyahan. Naghahanap ako ng isang pananampalataya na aking mapagkakatiwalaan, na makapagbibigay sa akin ng katiwasayan ng isip, katanggap-tanggap sa agham, at hindi bulag na paniwalaan lamang ito.

**M.** Dapat namang maging ganyan. Hinahangaan ko ang iyong saloobin. Ngunit hindi kami pinapayagang akitin ang sinuman. Nagpapahayag lamang kami sa mga nagnanais makinig sa amin.

**K.** Ngunit malaya akong pumili ng anumang paniniwala na aking naisin at walang sinumang makapipigil sa akin.

**M.** Oo, wala namang pilitan sa relihiyon.

**K.** Kung gayon, bakit ang mga Muslim ay nananawagan sa ibang tao na tanggapin ang kanilang paniniwala?

**M.** Kung papaanong hinihiling ng mga Kristiyano ang mga Hudyo na tanggapin si Jesus bilang Mesias, kaming mga Muslim ay humihiling din sa mga Kristiyano pati na sa mga Hudyo at gayundin sa buong sangkatauhan na tanggapin si Muhammad (SKP) bilang Kahuli-hulihan sa mga Propeta. Ang aming Propeta Muhammad (SKP) ay nagsabi: ***"Magparating kayo [ng mensahe na] mula sa akin kahit isang talata man lamang [ng Qur'an]."***

Binanggit din sa Isaias 21:13 ang"The burden of Arabia,"[1] na nangangahulugang ang tungkulin ng mga

Arabeng Muslim, at mangyari pa ng lahat ng mga Muslim sa ngayon, na ipalaganap ang Islam. Binanggit ito ni Isaias matapos na makita niya sa isang pangitain ang mangangabayo ng mga Asno at ang mangangabayo ng mga Kamelyo (21:7): “At pagka siya’y nakakita ng pulutong, ng mga nangangabayong dalawa’t dalawa, ng mga asno, ng pulutong ng mga kamelyo siya’y masikap na makikinig na ma’y pag-iingat.”

Ang mangangabayo ng asno ay napatunayang si Jesus na pumasok sa Jerusalem [sakay ng asno] (Juan 12:14; Mateo 21:5). Kung gayon, sino naman ang mangangabayo ng mga Kamelyo? Wala nang iba pa kundi si Muhammad (SKP) na dumating mga anim na raang taon matapos ang pagdating ng Mesias. Kung hindi tatanggapin ito, samakatuwid hindi pa natutupad ang hulang ito.

**K.** Ang paliwanag mo ay nagpapasigla sa akin na muli kong suriin nang lalong maingat ang Bibliya. Nais kong makikipagtalakayan muli sa iyo.

**M.** Oo, kung nagtagumpay ka man sa mundong ito, hindi ibig sabihin na tagumpay ka rin sa kabilang buhay. Ang kabilang buhay ay lalong mainam at siyang magtatagal kaysa sa buhay dito sa mundo. Ang mga tao sa kasalukuyan ay naging makamundo at walang pagpapahalaga sa relihiyon. Magkita tayo nang mga ilang ulit pa at talakayin natin ang mga pagkakaiba nang tapatan at walang samaan ng loob. Ang Islam ay nakabatay sa

katuwiran, at hindi mo dapat basta na lamang tanggapin ito. Kahit ang iyong Bibliya ay nagsasabing: "Subukin ninyo ang lahat ng mga bagay, ingatan ninyo ang mabuti," (I Mga Taga Tesalonica 5:21).

**K.** Ngayon-ngayon lamang ay sinipi mo ang "mangangabayo ng mga kamelyo" mula sa Isaias at gumawa ka ng konklusyon na iyon ay si Muhammad (SKP). Kung gayon, hinulaan din ba siya sa Bibliya?

**M.** Tiyak ko.

**K.** Sa Matanda ba o sa Bagong Tipan?

**M.** Sa pareho. Subalit hindi mo siya makikilala sa Bibliya hanggat hindi ka naniniwala sa kaisahan ng Diyos (Allah). Ang ibig kong sabihin, hanggat naniniwala ka pa rin sa Trinidad, Pagka-Diyos ni Kristo, Pagka-Diyos-anak ni Kristo, Pagmamana ng Kasalanan, at Pagtubos ng Kasalanan. Ang lahat ng ito ay mga doktrinang gawa ng mga tao. Hinulaan na ni Jesus (sa Mateo 15:9) na ang mga tao ay sasamba sa kanya nang walang kabuluhan at maniniwala sa mga doktrinang gawa ng mga tao: "Datapuwa't walang kabuluhan ang pagsamba nila sa akin, Na nagtuturo ng kanilang pinakaaral ang mga utos ng mga tao."

# Ang Banal na Bibliya

**M.** Nakatitiyak ka ba na ang Bibliya ay banal?

**K.** Oo, tiyak na tiyak ko ang tungkol dito; ito ay salita ng Diyos.

**M.** Basahin mo ang sinabi ni Lucas sa Kabanata 1:2 at 3 tungkol sa kanyang isinulat.

**K.** "Alinsunod sa ipinatalos sa atin nilang buhat sa pasimula ay mga saksing nangakakakita at mga ministro ng salita, ay minagaling ko naman, pagkasiyasat na lubos ng pangyayari ng lahat ng mga bagay mula nang una, na isulat sa iyong sunodsunod, kagalanggalang na Teofilo."

**M.** Kung si Lucas ay nagsabi na siya mismo ay hindi isang saksi at ang kanyang kaalamang nakalap ay mula sa mga nakasaksi at hindi mga salitang kinasihan ng Diyos, maniniwala ka pa rin ba na ang Bibliya ay salita ng Diyos?

**K.** Maaaring ang bahaging ito lamang ang hindi salita ng Diyos.

**M.** Ipinakita ng kasaysayan na ang Bibliya ay nagdanas ng mga pagbabago sa pagdaan ng mga panahon. Ang *Revised Standard Version* 1952 at 1971, ang *New American Standard Bible* at ang *New World Translation of the Holy Scriptures* ay nag-alis ng ilang mga talata kung ihahambing sa *King James Version.* Ang *Reader's*

*Digest* ay nagbawas ng limampung porsiyento sa Matandang Tipan at ang Bagong Tipan ay pinaikli sa dalawampu't limang porsiyento. Noong nakalipas na ilang taon, tinangka ng mga teologong Kristiyano na i-*desex*[2] ang Bibliya. Ang ibig bang sabihin ng "banal" ay walang kamalian ang Bibiya?

**K.** Oo, gayon nga. Ngunit anong uri ng kamalian ang tinutukoy mo?

**M.** Ipagpalagay na may isang talatang nagsasabing may isang taong namatay sa gulang na limampu at may isa namang talatang nagsasabing namatay ang taong ito sa gulang na animnapu, maaari kayang ang kapwa pahayag ay tama?

**K.** Hindi, ang kapwa pahayag ay hindi kailanman magiging tama. Isa lamang ang maaaring maging tama o kapwa mali.

**M.** Kung ang isang banal na aklat ay naglalaman ng mga talatang nagsasalungatan, ituturing mo pa ba na ito ay banal?

**K.** Tiyak na hindi na, sapagkat ang isang Banal na Kasulatan ay isang pahayag mula sa Diyos at dapat na imposibleng maglaman ito ng mga kamalian o mga talatang nagsasalungatan.

---

2 Alisan ng istilong nagpapahiwatig ng pagkiling sa kasariang panlalaki.

**M.** Kung gayon, ito ay hindi rin banal.

**K.** Tama; ang kabanalan nito ay naglaho na.

**M.** Kung magkagayon, hindi mo ito mapagkakatiwalaan nang isandaang porsiyento. Ano kaya ang mga kadahilanan?

**K.** Maaaring ito ay pagkakamali sa pagtatala; sadyang pagpapalit ng mga tagasulat; pagbabawas o pagdaragdag.

**M.** Kung may nagsasalungatang mga talata sa Bibliya, ituturing mo pa rin ba na ito ay banal?

**K.** Hindi ako naniniwala na ang Bibliya ay hindi banal dahil wala akong nakikitang anumang nagsasalungatang mga talata rito.

**M.** Mayroong maraming nagsasalungatang mga talata sa loob nito.

**K.** Sa Matanda ba o sa Bagong Tipan?

**M.** Sa parehong mga Tipan. Ang mga ito ang ilan sa mga iyon:

| **II Samuel 8:4** | **I Mga Cronica 18:4** |
|---|---|
| At kinuha ni David sa kaniya ang ***isang libo at pitong daan na mangangabayo,*** at dalawang pung libo na naglalakad: | At kumuha si David sa kaniya ng isang libong karo, *at* ***pitong libong mangangabayo,*** at dala-wang pung naglalakad: |

**T.** Isang libo at pitong daan o pitong libo?

| **II Samuel 8:9-10** | **I Mga Cronica 8:9-10** |
|---|---|
| Nang mabalitaan ni ***Toi*** na hari sa Hamath na sinaktan ni David ang buong hukbo ni ***Hadadezer***, sinugo nga ni ***Toi*** si ***Joram*** na kaniyang anak sa haring David, upang bumati sa kaniya sapag-ka't siya'y nakipagdigma laban kay ***Hadadezer*** at sinaktan niya siya: sapagka't si ***Hadadezer*** ay nag-karoon ng mga pakikibaka kay ***Toi.*** At nagdala si ***Joram*** ng mga sisidlang pilak, at mga sisid-lang ginto, at mga sisidlang tanso. | At nang mabalitaan ni ***Tou*** na hari sa Hamat na sinaktan ni David ang buong hukbo ni ***Adarezer*** na hari sa Soba, kaniyang sinugo si ***Adoram*** na kaniyang anak sa haring David, upang bumati sa kaniya at purihin siya, sapagka't siya'y lumaban kay ***Adarezer*** at sinaktan niya siya (sapagka't si ***Adarezer*** ay may mga pakikipag- digma kay Tou); at siya'y nagda-la ng lahat na sarisaring kasang-kapang ginto, at pilak, at tanso. |

**T.** Toi o Tou, Joram o Adoram, Hadadezer o Adarezer?

| **II Mga Hari 8:26** | **II Mga Cronica 22:2** |
|---|---|
| May ***dalawampu't dalawang taon*** si Ochozias nang siya'y magpasimula; at siya'y nagha-ring isang taon sa Jerusalem. | May ***Apatnapu't dalawang taon*** si Ochozias nang magpasimulang maghari; at siya'y nagharing isang taon sa Jerusalam; |

**T.** Dalawampu't dalawang taon o apatnapu't dalawang taon?

| II Samuel 10:18 | I Mga Cronica 19:18 |
|---|---|
| At ang mga taga Siria ay nagsi-takas sa harap ng Israel; at pu-matay si David sa mga taga Siria ng mga tao ng ***pitong daang karo,*** at ***apat na pung libo na nanga-ngabayo,*** at sinaktan si ***Sobach*** na kapitan sa kanilang hukbo, na anopa't namatay roon. | At ang mga taga Siria ay nagsitakas sa harap ng Israel; at si David ay pumatay sa mga taga Siria ng mga tao sa ***pitong libong karo,*** at ***apat na pung libong naglalakad,*** at pinatay si ***Sophach*** na pinunong kawal ng hukbo. |

**T.** Pitong daang karo o pitong libong karo? Apat na pung libong nangangabayo o naglalakad? Sobach o Sophach?

| II Mga Hari 24:8 | II Mga Cronica 36: 9 |
|---|---|
| Si Joachin ay may ***labing walong taon*** nang siya'y magpasimulang maghari; at siya'y naghari sa Jerusalem na ***tatlong buwan.*** | Si Joachin ay may ***walong taong gulang*** nang siya'y magpasimu-lang maghari; at siya'y nagharing ***tatlong buwan at sangpung araw*** sa Jerusalem: … |

**T.** Labing walong taon o walong taon? Tatlong buwan o tatlong buwan at sampung araw?

| II Samuel 23:8 | I MgaCronica11:11 |
|---|---|
| Ito ang mga pangalan ng mga makapangyarihang lalake na nasa kay David: si Josebbasebet na | At ito ang bilang ng mga makapangyarihang lalake na nasa kay David: si Jasobam, na anak ng isang |

| | |
|---|---|
| ***Tachemonita***, na pinuno ng mga kapitan; na siya ring si Adino na Eznita, na siyang dumaluhong laban sa ***walong daan*** na nangapatay ng paminsan. | ***Hachmonita***, na pinuno ng tatlongpu; siya ang nagtaas ng kaniyang sibat laban sa ***tatlong daan***, at pinatay niya sila na paminsan. |

**T.** Tachemonita o Hachmonita? Walong daan o tatlong daan?

| II Samuel 24:1 | I Mga Cronica 21:1 |
|---|---|
| At ang galit ng ***Panginoon*** ay nagalab uli laban sa Israel, at kaniyang kinilos si David laban sa kanila, na sinabi, Ikaw ay yumaon, iyong bilangin ang Israel at Juda. | At si ***Satan*** ay tumayo laban sa Israel, at kinilos si David na bilangin ang Israel. |

**T.** Ang Panginoon ni David, kung gayon, ay si Satan? Huwag nawang ipahintulot ng Diyos na mangyari!

| II Samuel 6:23 | II Samuel 21: 8 |
|---|---|
| At si Michal na anak ni Saul **ay hindi nagkaanak** hanggang sa araw ng kaniyang kamatayan. | Nguni't kinuha ng hari ang dalawang anak ni Rispa, na anak ni Aja, na kaniyang ipinanganak kay Saul, si Armoni Mephiloboseth; ***at ang limang anak ni Michal na anak na babae ni Saul*** na kaniyang ipinanganak kay Adriel na anak ni Barzilai, na Molathita: |

**T.** Si Michal ba ay nagkaroon ng mga anak o hindi? ***Paalaala*:** Ang pangalang Michal sa II Samuel 21:8 ay matatagpuan pa rin sa *King James Version* at sa *New World Translation of the Holy Scripture* na ginagamit ng mga Saksi ni Jehovah, ngunit ito ay pinalitan ng Merab sa *New American Standard Bible 1973*.

**K.** Hindi ko ito kailanman nakita noon. Mayroon pa bang marami?

**M.** Ibig mo bang malaman ang iba pa? Hindi pa ba ito sapat upang mapabulaanan ang kabanalan ng Bibliya? Tingnan mo ang Genesis 6:3: "At sinabi ng Panginoon, Ang aking Espiritu ay hindi makikipagpunyagi sa tao magpakailan man, sapagka't siya ma'y laman: gayon ma'y magiging isang daan at dalawang pung taon ang kaniyang mga araw."

Ngunit ilang taon si Noe noong siya ay namatay? Mahigit sa **120** taon. Tingnan mo ang Genesis 9: 29: "At ang lahat ng naging araw ni Noe ay siyam na raan at limang pung taon: at namatay." Iginigiit ng ilang mga teologong Kristiyano na hindi ang pinakamahabang mararating ng buhay ng tao ang tinutukoy ng isandaan at dalawampung taon kundi ang baha ay darating pagkalipas ng isandaan at dalawampung taon. Pati na ito ay hindi rin umaakma dahil sa panahon ng baha si Noe ay dapat anim na raan at dalawampung taong gulang (500+120), ngunit ang Bibliya ay nagsasabi na siya ay anim na raang taong gulang. Pag-aralan mo ang mga talatang ito: Genesis

5:32: "At si Noe ay may limang daang taon …"; Genesis 7:6: "At may anim na raang taon si Noe nang ang baha ng tubig ay dumagsa sa ibabaw ng lupa."

Ang Kristiyanismo ay naniniwala na nilikha ng Diyos ang tao sa Kanyang larawan: puti, itim o ano pa man, babae o lalake? Ito ay ayon sa Genesis 1:26: "At sinabi ng Diyos, Lalangin natin ang tao sa ating larawan, ayon sa ating wangis …" Subalit ito ay sumasalungat sa Isaias 40:18 at 25: "Kanino nga ninyo itutulad ang Dios? o anong wangis ang iwawangis ninyo sa kaniya? … Kanino nga ninyo itutulad ako upang makaparis ako niya? sabi ng banal." Tingnan mo rin ang Mga Awit 89:6: "Sapagka't sino sa langit ang maitutulad sa Panginoon? Sino sa gitna ng mga anak ng makapangyarihan ang gaya ng Panginoon?" At sa Jeremias 10:6-7: "Walang gaya mo, Oh Panginoon; … walang gaya mo."

**K.** Ngunit ang lahat ng ito ay nasa Matandang Tipan?

**M.** Pumunta tayo ngayon sa Bagong Tipan.

| Juan 5:37 | Juan 14:9 |
|---|---|
| Kailan ma'y hindi ninyo narinig ang kaniyang tinig, ni hindi man ninyo nakita ang kaniyang anyo. | "… ang nakakita sa akin ay nakakita sa Ama. …" |

| Juan 5:31 | Juan 8:14 |
|---|---|
| Kung ako'y nagpapatotoo tungkol sa aking sarili, ***ang patotoo ko ay hindi*** | Sumagot si Jesus at sa kanila'y sinabi, Bagama't ako'y nagpapa- totoo sa |

| | |
|---|---|
| ***katotohanan.*** | akin din, ***ay totoo ang aking patotoo.*** |

Ang mga ito ay ilan lamang sa mga pagkakasalungatan sa Bagong Tipan. Makatatagpo ka pa ng higit na marami kung ating tatalakayin ang katotohanan ng mga doktrina ng makabagong Kristiyanismo gaya ng Trinidad, Pagka-Diyos ni Jesus, Pagka-Diyos-anak ni Jesus, Pagmamana ng kasalanan, Pagtubos ng Kasalanan, at huwag nang banggitin pa ang pang-aalipusta sa maraming Propeta sa Bibliya sa pagpaparatang sa kanila bilang mga mananamba ng mga diyus-diyusan, at pagpaparatang sa kanila ng pangangalunya sa kamag-anak at di-kamag-anak, at panggagahasa.

**K.** Saan mo matatagpuan ang mga iyan sa Bibliya?

**M.** Nasasaad na si Noe ay nalasing hanggang sa siya ay naging hubo't hubad na sa harap ng kanyang mga anak na nasa hustong gulang na (Genesis 9:23-24): "At kumuha si Sem at si Jafet ng isang balabal, at isinabalikat nilang dalawa, at lumakad ng paurong at tinakpan ang kahubaran ng kanilang ama; at ang mukha nila ay patalikod, at hindi nila nakita ang kahubaran ng kanilang ama. At nagising si Noe sa kaniyang pagkalango sa alak, at naalaman ang ginawa sa kaniya ng kaniyang bunsong anak."

Si Solomon ay pinaratangan hindi lamang ng pagkakaroon ng maraming asawa, kundi pati ng pagsamba sa mga diyus-diyusan (1 Mga Hari 11:9-10): “At ang Panginoo’y nagalit kay Solomon … At siyang nag-utos sa kaniya tungkol sa bagay na ito, na siya’y huwag sumunod sa ibang mga dios; ngunit hindi niya iningatan ang iniiutos ng Panginoon.”

Si Aaron, na isang Propetang sumama sa kanyang kapatid na si Moises sa pagpunta kay Paraon, ay pinaratangan din na humugis sa gintong guya upang sambahin ng mga Israelita (Exodo 32:4): “At kaniyang (Aaron) tinanggap sa kanilang kamay, at niyari sa pamamagitan ng isang buril, at ginawang isang guyang binubo, at kanilang sinabi, Ang mga ito ang maging iyong mga dios, Oh Israel, na nagsampa sa iyo mula sa lupain ng Egipto.”

Mababasa mo rin ang pangangalunya ni Propeta Lot sa kanyang dalawang anak (Genesis 19:36): “Sa ganito’y kapuwa nagdalangtao ang mga anak ni Lot sa pamamagitan ng kanilang ama.”

Makababasa ka rin ng isang Propetang ang dalawang asawa ay magkapatid (Genesis 29:28): “At gayon ang ginawa ni Jacob, at tinapos niya ang sanglinggo nito, at ibinigay ni Laban sa kaniya si Raquel na kaniyang anak na maging asawa niya.”

May isa pang Propeta na pinaratangan ng pangangalunya (II Samuel 11:4-5): “At si David ay

nagsugo ng mga sugo, at kinuha siya; at siya'y pumaroon sa kaniya, at kaniyang sinipingan siya (sapagka't siya'y malinis sa kaniyang karumihan;) at siya'y bumalik sa kaniyang bahay. At ang babae ay naglihi; at siya'y nagsugo at nasaysay kay David, at nagsabi: Ako'y buntis."

Ang aking katanungan ay: Papaano matatanggap si David, kung gayon, sa talaangkanan ni Jesus kung ang talaangkanang ito ay nagsimula sa isang taong nangalunya? Huwag sanang ipahintulot ni Allah na ito ay nangyari! Hindi kaya ito ay isang kasalungatan sa nabanggit sa Deuteronomio 23:2: "Isang anak sa ligaw ay huwag papasok sa kapisanan ng Panginoon; hanggang sa ikasangpung salin ng lahi ay walang sa kaniya'y makapapapasok sa kapisanan ng Panginoon."

May isa pang paratang ng pangangalunya sa kamag-anak na may kasama pang panggagahasa na isinagawa ni Ammon, na anak ni David, sa kanyang kapatid sa ama na si Tamar (II Samuel 13:14): "Gayon ma'y hindi niya (Ammon) dininig ang kaniyang tinig: kundi palibhasa't siya'y malakas kay sa kaniya (Tamar), dinahas niya siya, at sumiping sa kaniya."

Mayroon pang maramihang panggagahasang isinagawa si Absalom sa mga babae (*concubine*) ni David na nasasaad sa II Samuel 16:22: "Sa gayo'y kanilang ipinagladlad si Absalom ng isang tolda sa bubungan ng bahay; at sinipingan ni Absalom ang mga babae ng

kaniyang ama sa paningin ng boong Isarael." (Hindi ako makapaniwalang magagawa ng sinumang tao ang kahayupang ito, kahit na ang mga barbaro ay hindi ito magagawa.)

May isa pang pangangalunya sa kamag-anak na isinagawa naman ni Juda kay Tamar na kanyang manugang. Noong si Juda ay patungo sa Timnat upang gupitan ang kanyang mga tupa ay nakita niya si Tamar. Inakala niyang ito ay isang patutot sapagkat tinakpan nito ang mukha nito (Genesis 38:18): "At kaniyang sinabi, Anong sangla ang ibibigay ko sa iyo? At kaniyang sinabi, Ang iyong singsing, at ang iyong pamigkis, at ang tungkod na dala mo sa kamay. At kaniyang ipinagbigay sa kaniya, at sumiping sa kaniya; at siya'y naglihi sa pamamagitan niya."

Bagamat ang mga Hudyo at ang mga Muslim ay mahigpit na magkaaway, walang Muslim na maglalakas-loob na sumulat ng isang aklat at paratangan ang alinmang Israelitang Propeta gaya nina Juda, David, Jesus, at iba pa (SlaKP), ng panggagahasa, pangangalunya sa di-kamag-anak at kamag-anak o pagpatol sa patutot.

Ang lahat ng Propeta ay isinugo ni Allah upang pumatnubay sa mga tao. Maiisip mo kaya na ang Diyos ay nagsugo ng maling mga tao upang pumatnubay?

**K.** Sa palagay ko ay hindi. Ngunit hindi ka ba naniniwala sa Bibliya?

**M.** Naniniwala kami sa lahat ng Kasulatan ng Diyos, ngunit sa orihinal na anyo ng mga ito. Ang Diyos ay nagsugo ng Propeta sa bawat bansa bilang tagapagbabala, at ang ilan sa kanila ay may Kasulatan bilang patnubay sa partikular na bansang yaon lamang. Binigyan ng *S̲uh̲uf* (Kalatas) si Abraham, ng *Tawrah* (Bahagi ng Matandang Tipan) si Moises, ng *Zabúr* (Salmo) si David, at ng *Injíl* (Ebanghelyo) si Jesus. Wala ni isa man sa mga Kasulatang ito ang nanatili sa orihinal na anyo sa ngayon. Bahagi ng tunay na plano ni Allah, sa wakas ay isinugo Niya si Muhammad (SKP) bilang kahuli-hulihan sa lahat ng Propeta, na dala ang Banal na Qur'an bilang gabay para sa buong sangkatauhan, sa anumang pook at sa anumang panahon.

Si Jesus mismo ay nagsabing siya ay isinugo lamang sa mga tao ng Israel (Mateo 15:24): "Datapuwa't siya'y sumagot at sinabi, Hindi ako sinugo kundi sa mga tupang nangaligaw sa bahay ni Israel"; (Mateo 1:21): "At siya'y manganganak ng isang lalake; at ang pangalang itatawag mo sa kaniya'y Jesus; sapagka't ililigtas niya ang kaniyang bayan sa kanilang mga kasalanan." Nagsabi pa nga siya na hindi siya pumarito upang gumawa ng mga pagbabago sa batas kundi upang ganapin (Mateo 5:17-18): "Huwag ninyong isiping ako'y naparito upang sirain ang kautusan o ang mga propeta: ako'y naparito hindi upang sirain, kundi upang ganapin. Sapagka't katotohanang sinasabi ko sa inyo, Hanggang sa

mangagwala ang langit at ang lupa, ang isang tuldok o isang kudlit, sa anomang paraan ay hindi mawawala sa kautusan, hanggang sa maganap ang lahat ng mga bagay."

**K.** Ngunit sa Marcos 16:15 ay nagsabi si Jesus: "At sinabi niya sa kanila, Magsiyaon kayo sa boong sanglibutan, at inyong ipangaral ang evangelio sa lahat ng kinapal."

**M.** Ito ay sumasalungat sa binanggit sa itaas sa Mateo 15:24 at Mateo 1:21. Pangalawa, ang Marcos 16:9-20 ay inalis na sa maraming Bibliya. Inilagay ng *New American Standard Bible* ang bahaging ito sa loob ng mga panaklong at sumulat ng sumusunod na komentaryo: "Ang ilan sa mga napakatandang manuskrito ay nag-alis ng mula sa bersikulo 9 hanggang 20." Inamin ng *New World Translation of the Holy Scriptures* na ginagamit ng mga Saksi ni Jehovah na ang ibang mga matandang manuskrito ay nagdagdag ng isang mahabang pagtatapos o isang maikling pagtatapos pagkatapos ng Marcos 16:8, ngunit ang iba naman ay nag-alis. At ang *Revised Standard Version* ay sumulat ng sumusunod na talababa: "Ang ilan sa mga sinaunang awtoridad ay nagbigay sa aklat [ni Marcos] ng pagtatapos sa katapusan ng [kapitulo 16] bersikulo 8 …" Ito ay nangangahulugan din na ang pagkabuhay na mag-uli [ni Jesus] ay hindi totoo gaya ng paglalarawan dito sa Marcos 16:9.

**K.** Ngunit nagsabi si Jesus sa Mateo 28:19: “Dahil dito magsiyaon nga kayo, at gawin ninyong mga alagad ang lahat ng mga bansa …”

**M.** Ang “lahat ng mga bansa” ay kailangang ipaliwanag na lahat ng labindalawang lipi ng Israel at kung hindi ay sumasalungat ito sa **Mateo 15:24** at **Mateo 1:21.** Sa *New American Standard Bible at sa New World Translation of the Holy Scriptures* ay hindi ito isinaling ***all nations*** (lahat ng mga bansa) kundi ***all the nations***, na nangangahulugang ang labindalawang lipi ng Israel.

Ano ngayon ang palagay mo sa Bibliya?

**K.** Ang paniniwala ko rito ay nagsisimula nang mayanig ngayon.

**M.** Natitiyak kong makukumbinsi ka sa katotohanan ng Islam matapos nating matalakay ang ating mga pagkakaiba.

# Ang Doktrina ng Trinidad

**M.** Naniniwala ka pa rin ba sa Trinidad?

**K.** Sigurado; nakasulat ito sa Unang Sulat ni Juan 5:7-8: "For there are three that bear record in heaven, the Father, the Word, and the Holy Ghost: and these three are one. And there are three that bear witness in earth, the spirit, and the water, and the blood: and these three agree in one." [Salin sa Tagalog mula sa King James Version: Sapagka't tatlo ang may hawak ng talaan sa langit, ang Ama, ang Salita, at ang Espiritu Santo: at ang tatlong ito ay iisa. At may tatlong nagpapatotoo sa lupa, ang espiritu, at ang tubig, at ang dugo: at ang tatlong ito ay nagkakaisa.][3]

**M.** Oh, iyan ay ang nasa *King James Version* na inilimbag noong 1611, at nagsilbing pinakamalakas na katibayan ng Doktrina ng Trinidad. Ngunit ngayon, ang bahaging ito, "ang Ama, ang Salita, at ang Espirirtu Santo: at ang tatlong ito ay iisa," ay inalis na sa *Revised Standard Version* ng 1952 at 1971, at sa iba pang mga

---

[3] Napilitan ang tagapagsalin na isalin sa Tagalog mula sa Ingles ang I Juan 5:7-8 sapagkat ang salin nito sa Bibliyang Tagalog ay lubhang napakalaki ng kaibahan sa salin nito sa Ingles. Sa salin sa Tagalog ay ganito ang nasasaad: "At ang Espiritu ang nagpapatotoo, sapagka't ang Espiritu ay katotohanan. Sapagka't may tatlong nagpapatotoo, ang Espiritu, ang tubig, at ang dugo: at ang tatlo ay nagkakaisa."

Bibliya, dahil ito ay komentaryo na nakapasok sa Tekstong Griego.

Ito ang mababasa sa 1 Juan 5:7-8 ng *New American Standard Bible*: "And it is the Spirit who bears witness, because the Spirit is truth. For there are three that bear witness, the Spirit and the water and the blood, and the three are in agreement." [At itong Espiritu ang nagpapatotoo, sapagka't ang Espiritu ay katotohanan. Sapagka't may tatlong nagpapatotoo, ang Espiritu, ang tubig at ang dugo, at ang tatlo ay nagkakaisa.] At sa *New World Translation of the Holy Scriptures*, na ginagamit ng mga Saksi ni Jehovah, ito ang mata-tagpuan mo: "For there are three witness bearers, the spirit and the water and the blood, and the three are in agreement." [Sapagka't may tatlong saksi, ang espiritu at ang tubig at ang dugo, at ang tatlo ay nagkakaisa.] Nauunawaan ko kung hindi mo nalalamang ang mahalagang bahaging ito ay inalis na, subalit ang ipinagtataka ko ay kung bakit maraming mga ministro at mga mangangaral ang hindi nakaaalam nito.

Ang Trinidad ay hindi batay sa Bibliya. Ang salita ngang Trinidad ay wala sa Bibliya o sa alinmang mga Diksiyunaryo ng Bibliya, hindi kailanman itinuro ni Jesus, at hindi kailanaman niya nabanggit. Walang kahit ano mang batayan o patunay sa Bibliya upang matanggap ang paniniwala sa Trinidad.

**K.** Subalit sa Mateo 28:19 ay makikita pa rin natin na sinabing: "…na sila'y inyong bautismuhan sa pangalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo." Ang bahaging ito ay hindi pa inalis; hindi kaya ito ay isang patunay sa Trinidad?

**M.** Hindi. Kung binanggit mong ang tatlong tao ay nakaupo o sama-samang kumakain, nangangahulugan bang sila ay binubuo ng isang persona? Hindi. Ang pagbalangkas ni Athanasius, na isang Diyakono na taga-Egipto buhat sa Alexandria, ng Trinidad ay tinanggap ng Konseho ng Nicea noong 325 A.D. o mga tatlong siglo na matapos lumisan si Jesus. Walang pag-aalinlangang ang paganismong Romano ay may impluwensiya sa doktrinang ito: ang paniniwala sa diyos na *triune* (diyos na tatlo sa isa); ang Sabbath ay inilipat sa Linggo; ang Disyembre 25 na kaarawan ng kanilang diyos-araw na si Mithra ay ipinakilalang kaarawan ni Jesus, bagamat maliwanag na hinulaan ng Bibliya at ipinagbawal ang pagpapalamuti ng *Christmas Tree* sa Jeremias 10:2-5: "Ganito ang sabi ng Panginoon, Huwag kayong matuto ng lakad ng mga bansa, at huwag kayong manganglupaypay sa mga tanda ng langit; sapagka't ang mga bansa ay nanganglulupaypay sa mga yaon. Sapagka't ang mga kaugalian ng mga bayan ay walang kabuluhan: sapagka't may pumuputol ng punongkahoy sa gubat, na siyang gawa ng mga kamay ng manggagawa sa pamamagitan ng palakol. Kanilang ginayakan ng pilak at

ng ginto; kanilang ikinakapit ng mga pako at mga pamukpok, upang huwag makilos. Sila'y gaya ng puno ng palma, na binilog, at hindi nagsasalita: kinakailangang pasanin sapagka't hindi makalakad. Huwag ninyong katakutan ang mga yaon, sapagka't hindi makagagawa ng kasamaan, ni wala ring magagawang mabuti."

Dahil sa lumihis na ang Kristiyanismo nang malayo mula sa tunay na mga katuruan ni Jesus kaya naman isinugo ni Allah, bilang bahagi ng Kanyang orihinal na plano, ang Kanyang huling Propeta na si Muhammad (SKP) bilang tagapagpanauli upang panumbalikin ang lahat ng pagbabago na ito: ang kalendaryong Romano ay ginawang kalendaryong Kristiyano; hindi ipinagbawal ang pagkain ng baboy; ang pagtutuli ay inalis ni Pablo (Galacia 5:2): "Narito, akong si Pablo ang nagsasabi sa inyo, na, kung inyong tinatanggap ang pagtutuli, ay wala kayong mapapakinabang na anoman kay Cristo."

Ang Banal na Qur'an ay nagbabala sa **Súrah 5:73: "Talagang tumanggi nang sumampalataya ang mga nagsabi: "Tunay na si Allah ay ikatlo sa tatlo." At wala nang Diyos bukod pa sa isang Diyos. At kung hindi sila magsisitigil sa sinasabi nila, talagang dadapuan nga ang mga tumangging sumampalataya buhat sa kanila ng isang masakit na pagdurusa."** Naniniwala ka pa rin ba sa Trinidad na hindi itinuro kailanman ni Jesus?

**K.** Ngunit ang Diyos at si Jesus ay iisa (Juan 14:11): "Magsisampalataya kayo sa akin na ako'y nasa Ama at ang Ama ay nasa akin …"
**M.** Basahin mo kung gayon ang Juan 17:21.
**K.** "Upang silang lahat ay maging isa; na gaya mo, Ama, sa akin, at ako'y sa iyo, na sila nama'y suma atin …"

**M.** Maliwanag dito na ang Diyos at si Jesus ay iisa, ngunit ang mga disipulo ay iisa rin kay Jesus at sa Diyos. Kung si Jesus ay Diyos dahil siya ay nasa Diyos, bakit ang mga disipulo kung gayon ay hindi Diyos, yamang silang lahat ay tulad ni Jesus na nasa Diyos din? Kung ang Diyos, si Jesus, at ang Espiritu Santo ay iisa sa Trinidad, samakatuwid kasama ng mga disipulo sila ay magiging isang Diyos na may labinlimang bahagi.

**K.** Ngunit si Jesus ay Diyos ayon sa Juan 14:9: "…ang nakakita sa akin ay nakakita sa Ama…"

**M.** Isaalang-alang mo ang buong nilalaman ngayon—kung ano ang naunang bahagi at ang sumunod na bahagi sa (Juan 14:8): "Sinabi sa kaniya ni Felipe, Panginoon, ipakita mo sa amin ang Ama, at sukat na ito sa amin. Sinabi sa kaniya ni Jesus, Malaon nang panahong ako'y inyong kasama, at ako'y hindi mo nakikilala, Felipe? ang nakakita sa akin ay nakakita sa Ama; paanong sinasabi mo, Ipakita mo sa amin ang Ama?"

Kaya sa wakas tinanong ni Jesus si Felipe kung papaanong ipakikita ang anyo ng Diyos sa mga disipulo,

na hindi posible. Dapat kang maniwala sa Diyos sa pamamagitan ng paghanga sa Kanyang mga nilikha: ang araw, ang buwan, ang lahat ng mga nilikha, at si Jesus mismo na nilikha rin ng Diyos. Siya ay nagsabi sa (Juan 4:24): "Ang Diyos ay Espiritu …" at sa (Juan 5:37): "… Kailan ma'y hindi ninyo narinig ang kanyang tinig, ni hindi man ninyo nakita ang kaniyang anyo." Papaano mong makikita ang espiritu kung gayon? Ang kanilang nakita ay si Jesus at hindi ang Diyos. Si Pablo ay nagsabi rin sa (I Timoteo 6:16): "… na di nakita ng sinomang tao, o makikita man …" Kaya kung ano man ang makikita mo ay hindi kailanman Diyos.

Nagsabi ang aming Banal na Qur'an sa **Súrah 6:103: "Hindi Siya naaabot ng mga paningin, samantalang naaabot Niya ang mga paningin. At Siya ang Mabait, ang Nakababatid."**

**K.** Tapatan lamang, mahirap itakwil ang naituro sa amin simula sa pagkabata.

**M.** Marahil ang susunod na mga katanungan ay magbibigay sa iyo ng isang mainam na pagkaunawa sa Trinidad: Ano ang Banal na Espiritu?

**K.** Ang Banal na Espiritu ay ang Espiritu Santo, na Diyos din. Itinuro sa amin, ang Ama, ang Anak, at ang Espiritu Santo ay Diyos. Hindi kami pinapayagang magsabing may tatlong Diyos, kundi Isang Diyos.

**M.** Basahin mo ang Mateo 1:18.

**K.** "Ang pagkapanganak nga kay Jesucristo ay ganito: Nang si Maria na kaniyang ina ay mag-aasawa kay Jose, bago sila magsama ay nasumpungang siya'y nagdadalang-tao sa pamamagitan ng Espiritu Santo."

**M.** Ihambing mo ngayon sa Lucas 1:26-27.

**K.** "Nang ikaanim na buwan nga'y sinugo ng Dios ang anghel Gabriel sa isang bayan ng Galilea, ngala'y Nazaret, sa isang dalagang mag-aasawa sa isang lalake, na ang kaniyang ngala'y Jose, sa angkan ni David; at Maria ang pangalan ng dalaga."

**M.** Samakatuwid sa mahimalang pagsilang ni Jesus, binanggit ni Mateo ang Banal na Espiritu at binanggit naman ni Lucas si Anghel Gabriel, Ano kung gayon ang Banal na Espiritu?

**K.** Ang Banal na Espiritu kung gayon ay si Anghel Gabriel.

**M.** Naniniwala ka pa rin ba ngayon sa Trinidad?

**K.** Kung gayon ang Diyos ay Diyos, ang Banal na Espiritu o ang Espiritu Santo ay si Anghel Gabriel, at si Jesus ay …

**M.** Hayaan mong tulungan kita: Si Jesus ay isang Propeta, na anak ni Maria.

**K.** Papaano mong malulutas ang tinatawag naming misteryo?

**M.** Ginagamit namin ang Banal na Qur'an bilang pamantayan sa pagwawasto sa mga pagbabagong ginawa ng tao sa naunang ipinahayag na mga kasulatan. Kung makapapaniwala ka ngayon sa Isang Diyos, at kay Jesus na anak ni Maria bilang isang Propeta, bakit hindi ka pa magpatuloy ng isa pang hakbang at tanggapin si Muhammad (SKP) bilang Huling Propeta? Sabayan mo ako sa pagbigkas ng *Shahádah* o Pagsasaksi, una sa Ingles, at pagkatapos ay sa Arabe.

**K.** Sumasaksi ako na walang Diyos kundi si Allah, tanging Siya lamang, wala Siyang Katambal; at sumasaksi rin ako na si Muhammad ay Kanyang Lingkod at Kanyang Sugo. *Ash'hadu an lá iláha illalláhu waẖdahu lá sharíka lahu, wa ash'hadu anna Muẖammadan 'abduhu wa rasúluhu.*

Ngunit papaano na ang aking mga ninuno? Nais ko sanang manatiling kasama nila; silang lahat ay mga Kristiyano.

**M.** Iniwan ni Propeta Abraham ang kanyang mga magulang at mga ninuno nang ang katotohanan, ang Islam, ay ipinahayag sa kanya. Ang bawat isa ay mananagot para sa sarili niya. Marahil ang katotohanan ay hindi nakarating sa iyong mga ninuno nang kasingliwanag ng pagdating nito sa iyo ngayon. Ang Banal na Qur'an ay nagsasabi sa **Súrah 17:15: "Ang sinumang napatnubayan ay napatnubayan lamang para sa kapakanan ng kanyang sarili; at ang**

**sinumang naligaw ay naligaw lamang para sa ikapapahamak niya. Hindi papasanin ng isang kaluluwa ang pasanin ng iba. At Kami ay hindi magpaparusa hanggang hindi Kami nagpadala ng isang sugo.”**

**K.** Hindi ba posibleng kapwa tanggapin ang Islam at ang Kristiyanismo?

**M.** Walang pilitan sa relihiyon. Magagawa mo ang anumang nais mo. Ngunit kung ang dalawang pananampalataya ay iyong pagsasamahin, hindi ka pa sumusuko kay Allah. Isa ka pa ring di-mananampalataya, gaya nga ng ipinahayag Niya sa **Súrah 4:150-152: “Tunay na ang mga tumatangging sumampalataya kay Allah at sa Kanyang mga sugo, nagnanais na magtangi sa pagitan ng *pananamplataya kay* Allah at ng *pananampalataya sa* Kanyang mga sugo, at nagsasabi: “Sumasampalataya kami sa ilan at tumatanggi kaming sumampalataya sa iba pa,” at nagnanais na gumawa ng daan sa pagitan niyon, ang mga iyon sa totoo ang mga Tumatangging sumampalataya. At naglaan na Kami para sa mga Tumatangging sumampalataya ng nakahihiyang pagdurusa. At ang mga sumampalataya kay Allah at sa Kanyang mga sugo at hindi nagnais na magtangi sa isa man sa kanila, ang mga iyon ay bibigyan Niya ng kanilang mga gantimpala. At si Allah ay laging Mapagpatawad, Maawain.”**

Maaaring sumang-ayon ka sa akin bandang huli kung magtata-lakayan pa tayo.

**K.** Hindi kaya higit na mabuting huwag munang gumawa nang anumang Pagsasaksi o *Shahádah* upang wala tayong pananagutan?

**M.** Sa sandaling sinapit mo na ang tamang gulang at ikaw ay may ganap nang pag-iisip, mayroon ka nang pananagutan magsagawa ka man ng *Shahádah* o hindi. Nilikha ni Allah ang mundong ito nang may saysay. Binigyan ka Niya ng mga sangkap upang malaman ang pagkakaiba ng tama sa mali. Nagsugo Siya ng maraming Propeta bilang tagapagbabala. Nilikha Niya tayo upang sambahin Siya at nang harinawa'y magtagisan ang bawat isa sa atin sa paggawa ng mga kabutihan sa mundong ito.

**Súrah 3:191: "Panginoon namin, hindi Mo po nilikha ito nang walang saysay, kaluwalhatian sa Iyo; …"**

**Súrah 90:8-10: "Hindi ba't gumawa Kami para sa kanya ng dalawang mata, at dila at dalawang labi? At nilinaw Namin sa kanya ang dalawang landas [ng kabutihan at kasamaan]?"**

**Surah 51:56: "At hindi Ko nilikha ang jinni at ang tao kung hindi upang sambahin nila Ako."** Ang bawat gawain para sa ikalulugod ni Allah ay pagsamba.

**Surah 18:7: "Tunay na Aming ginawa ang anumang nasa mundo bilang palamuti nito, upang subukin Namin sila kung alin sa kanila ang higit na magaling sa gawa."**

# Ang Doktrina ng Pagka-Diyos ni Jesucristo

**M.** Si Jesus ba ay Diyos?

**K.** Oo. Ayon sa Evangelio ni Juan (1:1): “Nang pasimula siya ang Verbo, at ang Verbo ay sumasa Dios, at ang Verbo ay Dios.”

**M.** Napagkasunduan na natin na ang isang Banal na Kasulatan ay hindi dapat maglaman ng mga pagsasalungatan. Kung may dalawang talatang nagsasalungatan, iisa lamang kung gayon ang maaaring maging tama; hindi kailanman maaaring magiging kapwa tama o maaari pang kapwa mali.

Si Jesus kung gayon ay Diyos ayon sa Juan 1:1. Kung gayon mayroong ilang Diyos? Dalawa ang pinakamababa? Kung gayon ito ay salungat sa maraming talata ng Bibliya: (Deuteronomio 4:39): “… na ang Panginoon ay siyang Dios sa itaas sa langit at sa ibaba sa lupa; wala nang iba pa.”; (Deuteronomio 6:4): “Dinggin mo, Oh Israel: ang Panginoon nating Diyos ay isang Panginoon”; (Isaias 43:10-11): “...upang inyong maalaman at magsisampalataya kayo sa akin, at inyong matalastas na ako nga; walang ibang Diyos na inanyuan na una sa akin, o magkakaroon man pagkatapos ko. Ako, samakatuwid baga’y ako, ang Panginoon; at liban sa akin ay walang tagapagligtas.”; (Isaias 44:6): “Ganito ang sabi ng

Panginoon … Ako ang una, at ako ang huli; at liban sa akin ay walang Dios.”; (Isaias 45:18): “Sapagka’t ganito ang sabi ng Panginoon na lumikha ng langit, na siyang Diyos na nag-anyo sa lupa at gumawa niyaon, na kaniyang itinatag, at hindi niya nilikha na sira, na kaniyang inanyuan upang tahanan: ako ang Panginoon; at wala nang iba.”

Mula sa Isaias 45:18 lamang ay mahihinuha na natin na ang Diyos lamang ang Tagapaglikha at wala nang iba pa, na kahit si Jesus ay hindi nakilahok sa paglikha.

Tingnan mo pa ang Deuteronomio 4:35; Exodo 8:10; II Samuel 7:22; I Mga Hari 8:23; I Mga Cronica 17:20; Mga Awit 86:8, 89:6, at 113:5; Oseas 13:4; Zacarias 14:9.

**K.** Ngunit ang lahat ng mga ito ay nasa Matandang Tipan. Matatagpuan mo ba ito sa Bagong Tipan?

**M.** Tiyak. Basahin mo sa Marcos 12:29 kung ano ang sinabi ni Jesus mismo: “Sumagot si Jesus, Ang pangulo ay, Pakinggan mo, Oh Israel; ang Panginoon nating Diyos, ang Panginoon ay iisa.”

(I Mga Taga Corinto 8:4): “… nalalaman natin na ang diosdiosan ay walang kabuluhan sa sanglibutan, at walang Dios liban sa iisa.” (I Timoteo 2:5): “Sapagka’t may isang Dios at may isang Tagapamagitan sa Dios at sa mga tao, ang taong si Cristo Jesus.” Pansinin mo ang pangungusap “ang taong si Cristo Jesus.” Ngayon,

maaari mong sabihin na ang Juan 1:1 ay tama at ang lahat ng ibang talatang ito ay mali, o ang kabaligtaran.

**K.** Mahirap husgahan!

**M.** Tingnan natin ito mula sa pananaw ng Qur'an, at ito ay umaayon sa mga sinabi ni Jesus mismo sa Bibliya. Si Jesus ay nabanggit nang ilang ulit sa Qur'an bilang isang Salita mula kay Allah. Sa **Súrah 3:39: "At tinawag siya (Zacarias) ng mga anghel, habang siya ay nananalanging nakatayo sa isang silid-dasalan** ***at sinabi*****: "Si Allah ay nagpaparating sa iyo ng nakalulugod na balita** ***ng pagsilang*** **ni Juan na maniniwala sa isang salita mula kay Allah. Siya ay magiging maginoo, walang hilig sa babae, at isang propeta na kabilang sa mga matutuwid."**

Sa ganoon ding **Súrah 3**, nabanggit naman sa talata 45: **"*Banggitin* noong magsabi ang mga anghel: "O Maria, tunay na si Allah ay naghahatid sa iyo ng nakalulugod na balita ng** ***pagsisilang mo ng*** **isang salitang mula sa Kanya, na ang magiging pangalan niyon ay ang Kristo Jesus na anak ni Maria; pinarangalan sa mundo at sa Kabilang-buhay, at kabilang sa mga ginawang malapit kay Allah."** Sa kapwa mga talata ng Banal na Qur'an, si Jesus ay tinatawag na isang Salita mula kay Allah na ang ibig sabihin ay salitang nanggaling kay Allah o kay Allah, na katugon naman sa nasasaad sa I Mga Taga Corinto 3:23:

"At kayo'y kay Cristo; at si Cristo ay sa Dios." Ang Juan 1:1 ay dapat na naisulat nang ganito: "… at ang Salita ay sa Dios." Ang pagkakamaling ito ay maaaring sa pagsasalin sa Griego mula sa Aramaic, na maaaring sinadya o hindi sinasadya. Sa salitang Griego ang ***Theos*** ay **Diyos,** ngunit ang ***Theou*** ay nangangahulugang **sa Diyos.** (Sumangguni sa Diksyunaryo ng Wikang Griego, o sa Bibliyang Griego, o sa aklat na pinamagatang *Muhammad in the Bible* ni Propesor Abdul-Ahad Dawud, ang dating Obispo ng Uramiah, sa Pahina 16.) Isang pagkakaiba sa iisang titik lamang ngunit malaking mga kinahinatnan.

**K.** Bakit tinatawag si Jesus na Salita ng Diyos sa Bibliya at sa Qur'an?

**M.** Ang paglikha kay Jesus sa sinapupunan ni Maria ay hindi sa pamamagitan ng punlay, sa pamamagitan lamang ng isang salita ni Allah na: **"Mangyari"** tulad ng nabanggit sa mismong **Súrah 3:47: "Nagsabi siya: "Panginoon ko! Papaano po akong magkakaroon ng anak samantalang hindi naman ako nasaling ng isang lalaki?" Nagsabi ito: "Ganyan si Allah, linilikha Niya ang anumang niloloob Niya; kapag nagpasya Siya na lumikha ng isang bagay ay magsasabi lamang Siya rito: 'Mangyari,' at mangyayari.""**

**K.** Si Jesus ay Diyos sapagkat siya ay puspos ng Espiritu Santo.

**M.** Bakit hindi mo ituring na Diyos ang ibang mga tao na puspos din ng Espiritu Santo? (Mga Gawa 11:24): "Sapagka't siya'y (Bernabe) lalaking mabuti, at puspos ng Espiritu Santo at ng pana-nampalataya: at maraming tao ang nangaparagdag sa Panginoon." (Mga Gawa 5:32): "At kami'y mga saksi ng mga bagay na ito; at gayon din ang Espiritu Santo, na siyang ibinigay ng Dios sa nagsi-sitalima sa kanya."

Tingnan mo pa ang Mga Gawa 6:5; II Pedro 1:21; II Timoteo 1:14; I Mga Taga Corinto 2:16; Lucas 1:41.

**K.** Ngunit si Jesus ay puspos ng Espiritu Santo habang siya ay nasa sinapupunan pa ng kanyang ina.

**M.** Katulad din kay Juan Bautista (Lucas 1:13-15): "Datapuwa't sinabi sa kaniya ng anghel, Huwag kang matakot Zacarias: sapagka't dininig ang daing mo, at ang asawa mong si Elisabet ay manganga-nak sa iyo ng isang anak na lalake, at tatawagin mong Juan ang kaniyang pangalan. At magkakaroon ka ng ligaya at galak; at marami ang maliligaya sa pagkapanganak sa kaniya. Sapagka't siya'y magiging dakila sa paningin ng Panginoon, at siya'y hindi iinom ng alak ni matapang na inumin; at siya'y mapupuspos ng Espiritu Santo, mula pa sa tiyan ng kaniyang ina."

**K.** Ngunit si Jesus ay nakagagawa ng mga himala. Pinakain niya ang limang libong tao ng limang pirasong tinapay at dalawang isda lamang.

**M.** Katulad din ng ginawa nina Eliseo at Elias. Pinakain ni Eliseo ang isang daang tao ng dalawampung pirasong tinapay at ilang puso ng mais (II Mga Hari 4:44): "Sa gayo'y inilapag niya sa harap nila, at sila'y nagsikain, at nagsipagtira niyaon, ayon sa salita ng Panginoon." Pinuno ni Eliseo ang mga sisidlan ng langis ng babaeng balo at sinabihan ito (II Mga Hari 4:7): "… ikaw ay yumaon, ipagbili mo ang langis, at bayaran mo ang iyong utang, at mabuhay ka at ang iyong mga anak sa nalabi." Tingnan mo rin ang I Mga Hari 17:16: "At ang gusi ng harina ay hindi nakulangan, o ang banga ng langis man ay nabawasan, ayon sa salita ng Panginoon, na kaniyang sinalita sa pamamagitan ni Elias." Ganoon din ang I Mga Hari 17:6: "At dinalahan siya ng tinapay at laman ng mga uwak sa umaga, at tinapay at laman sa hapon, at siya'y umiinom sa batis."

**K.** Ngunit si Jesus ay nakapagpapagaling ng ketong.

**M.** Ganoon din si Eliseo, sinabihan niya si Naaman na isang ketongin na maligo sa ilog ng Jordan (II Mga Hari 5:14): "Nang magkagayo'y lumusong siya (Naaman) at sumugbong makapito sa Jordan, ayon sa sabi ng lalake (Eliseo) ng Dios: at ang kaniyang laman ay nagsauling gaya ng laman ng isang munting bata, at siya'y naging malinis."

**K.** Ngunit nagawa ni Jesus na bigyan ng paningin ang isang bulag.

**M.** At nagawa rin naman ni Eliseo (II Mga Hari 6:17): "At si Eliseo ay nanalangin, at nagsabi, Idinadalangin ko sa iyo, Panginoon, na idilat ang kaniyang mga mata, upang siya'y makakita. At idinilat ng Panginoon ang mga mata ng binata; at siya'y nakakita …" (II Mga Hari 6:20): "At nangyari, nang sila'y magsidating sa Samaria, na sinabi ni Eliseo, Panginoon, idilat mo ang mga mata ng mga lalaking ito, upang sila'y makakita. At idinilat ng Panginoon ang kanilang mga mata, at sila'y nangakakita; at, narito, nangasa gitna ng Samaria."

**K.** Si Jesus ay nakabubuhay ng patay.

**M.** Ihambing mo sa ginawa ni Elias (I Mga Hari 17:22): "At dininig ng Panginoon ang tinig ni Elias; at ang kaluluwa ng bata ay bumalik sa kaniya, at siya'y muling nabuhay." Ganoon din sa ginawa ni Eliseo (II Mga Hari 4:34): "At siya'y (Eliseo) sumampa, at dumapa sa ibabaw ng bata, at idinikit ang kaniyang bibig sa bibig niya, at ang kaniyang mga mata sa mga mata niya, at ang kaniyang mga kamay sa kamay niya: at siya'y dumapa sa kaniya; at ang laman ng bata ay uminit."

Pati na ang mga patay na buto ni Eliseo ay nakapagpabuhay ng patay sa pamamagitan ng pagkakasagi lamang (II Mga Hari 13:21): "At nangyari, samantalang kanilang inililibing ang isang lalaki, na, narito, kanilang natanaw ang isang pulutong; at kanilang inihagis ang lalake sa libingan ni Eliseo: at pagkasagi ng tao ng mga

buto ni Eliseo, siya'y nabuhay uli, at tumayo sa kaniyang mga paa."

**K.** Ngunit si Jesus ay lumakad sa ibabaw ng dagat.

**M.** Inunat ni Moises ang kanyang kamay sa dagat (Exodo 14:22): "At ang mga anak ni Israel ay pumasok sa gitna ng dagat sa ibabaw ng tuyong lupa: at ang tubig ay naging isang kuta sa kanila, sa kanilang kanan at sa kanilang kaliwa."

**K.** Ngunit si Jesus ay nakapagpapalayas ng demonyo.

**M.** Inamin ni Jesus mismo na magagawa ito ng ibang tao (Mateo 12:27 at Lucas 11:19): "At kung sa pamamagitan ni Beelzebul ay nagpapalabas ako ng demonio, ang inyong mga anak sa kaninong pamamagitan sila'y pinalalabas? kaya nga sila ang inyong magiging mga hukom."

Ang mga disipulo rin ay nakapagpapalayas ng demonyo gaya ng sinabi ni Jesus (Mateo 7:22): "Marami ang magsasabi sa akin sa araw na yaon, Panginoon, Panginoon, hindi baga nagsipanghula kami sa iyong pangalan, at sa pangalan mo'y nangagpalayas kami ng mga demonio, at sa pangalan mo'y nagsigawa kami ng maraming gawang makapangyarihan?" Pati ang mga bulaang propeta ay makagagawa ng mga kababalaghan, gaya ng hinula ni Jesus mismo (Mateo 24:24): "Sapagka't may magsisilitaw na mga bulaang Cristo, at mga bulaang propeta, at mangagpapakita ng mga dakilang

tanda at mga kababalaghan; ano pa't, ililigaw kung maaari, pati ang mga hirang."

**K.** Ngunit sina Elias at Eliseo ay nakagawa ng mga kababalaghan sa pamamagitan ng panalangin sa Panginoon.

**M.** At nagawa rin ni Jesus ang mga himala sa tulong ng Diyos, gaya ng sinabi niya mismo (Juan 5:30): "Hindi ako makagagawa ng anoman sa aking sarili …" at (Lucas 11:20): "Nguni't kung sa pamamagitan ng daliri ng Dios ay nagpapalabas ako ng mga demonio, dumating nga sa inyo ang kaharian ng Diyos."

Ang lahat ng himalang ginawa ni Jesus ay nagawa na rin ng mga naunang Propeta, mga disipulo, at pati na ng mga di-sumasampalataya. Sa kabilang dako, hindi makagawa si Jesus ng makapangyarihang gawa kapag mayroong kawalan ng pananampalataya (Marcos 6:5-6): "At hindi siya nakagawa ng anomang makapangyarihang gawa, liban sa ipinatong niya ang kaniyang mga kamay sa ilang mga may-sakit, at pinagaling sila. At nanggigilas siya sa kanilang di pananampalataya."

**K.** Ngunit si Jesus ay nabuhay na mag-uli tatlong araw matapos siyang mamatay.

**M.** Pag-uusapan natin mamaya ang hinggil sa pagkapako sa kanya sa krus dahil mayroong napakaraming pagtatalo hinggil dito. Sasabihin ko na lamang ngayon nang maiksi na ito ay isang ebanghelyo ni Pablo na hindi nakakita

kailanman kay Jesus (II Timoteo 2:8): "Alalahanin mo si Jesucristo na muling nabuhay sa mga patay, sa binhi ni David, ayon sa aking evangelio."

Ang ebanghelyo ng Pagkabuhay na mag-uli sa Marcos 16:9-20 ay inalis na rin sa maraming Bibliya. Kung hindi inalis, nakasulat naman ito sa maliit na titik na nasa loob ng mga panaklong at may kasamang komentaryo. Tingnan mo ang *Revised Standard Version*, ang *New American Standard Bible,* at ang *New World Translation of the Holy Scriptures* ng mga Saksi ni Jehovah. Hayaan mong tanungin kita ng isang tanong: nakapagsabi ba si Jesus na siya ay Diyos o nagsabi siyang, "Heto ako, ang inyong Diyos, at sambahin ninyo ako"?

**K.** Hindi, ngunit siya ay Diyos at tao.

**M.** Subalit sinabi ba niya iyan?

**K.** Hindi.

**M.** Ang katotohanan, hinulaan na niya na ang mga tao ay sasamba sa kanya nang walang kabuluhan at maniniwala sa mga doktrinang hindi gawa ng Diyos kundi ginawa ng tao (Mateo 15:9): "Datapuwa't walang kabuluhan ang pagsamba nila sa akin, Na nagtuturo ng kanilang pinakaaral ang mga utos ng tao."

Ang lahat ng doktrina ng makabagong Kristiyanismo ay gawa ng tao: ang Trinidad, ang Pagka-Diyos-Anak ni Jesus, ang Pagka-Diyos ni Kristo, ang Pagmamana ng kasalanan at Pagtutubos ng kasalanan. Mula sa mga

sinasabi ni Jesus na nakasulat sa Bagong Tipan ay maliwanag na hindi siya kailanman nagpahayag na siya ay Diyos o katulad ng Diyos: "at wala akong ginawa sa aking sarili" (Juan 8:28); "ang Ama ay lalong dakila kay sa akin" (Juan 14:28); "Ang Panginoon nating Dios, ang Panginoon ay iisa." (Marcos 12:29); "Dios ko, Dios ko, bakit mo ako pinabayaan?" (Marcos 15:34); "Ama, sa mga kamay mo ay ipinagtatagubilin ko ang aking espiritu" (Lucas 23:46).

"Nguni't tungkol sa araw o oras na yaon ay walang nakakaalam, kahit ang mga anghel sa langit, kahit ang Anak, kundi ang Ama" (Marcos 13:32). Si Jesus ay tinawag na propeta, guro mula sa Diyos, Kanyang Alagad, Mesias, at bandang huli ay itinaas sa pagiging anak ng Diyos, at saka naging Diyos na mismo.

Gamitin natin ngayon ang ating pag-iisip: papaanong maisisilang ng isang mortal ang Diyos na gaya ng ibang mortal?

Si Jesus ay natutulog ngunit ang Diyos ay hindi natutulog kailanman (Mga Awit 121:4): "Naririto, siyang nag-iingat ng Israel. Hindi iidlip ni matutulog man." Kailangang ang Diyos ay makapangyarihan sa lahat ngunit papaanong nagawa ng tao na duraan siya, na ipako siya sa krus, tulad ng sinabi nila? Paanong naging Diyos si Kristo kung sumamba siya sa Diyos katulad ng ibang mortal (Lucas 5:16): "Datapuwa't siya'y lumigpit sa mga ilang na pook, at nananalangin."

Si Jesus ay tinukso ni Satanas sa loob ng apatnapung araw (Lucas 4:1-13) ngunit nagsabi sa Santiago 1:13: "… sapagka't ang Dios ay hindi matutukso sa masamang bagay …" Papaanong naging Diyos si Jesus kung gayon? Makapangangatwiran pa tayo nang marami.

**K.** Oo, kahit ako mismo ay hindi makaunawa nito ngunit kailangang tanggapin namin ito nang pikit-mata.

**M.** Hindi kaya ito pagsalungat sa Bibliya mismo na nagsasabing kailangang subukin mo muna ang lahat ng bagay (I Mga Tesalonica 5:21): "Subukin ninyo ang lahat ng mga bagay, ingatan ninyo ang mabuti."

**K.** Talagang nakalilito.

**M.** Ngunit ang I Mga Taga Corinto 14:33 ay nagsasabi: "Sapagka't ang Dios ay hindi Dios ng kaguluhan, kundi ng kapayapaan. Gaya sa lahat ng mga iglesia ng banal."

Ang mga doktrinang ginawa ng tao ay lumilikha ng kalituhan.

# Ang Doktrina ng Pagka-Diyos-Anak ni Jesus

**M.** Si Jesus ba ay anak ng Diyos?

**K.** Oo. Basahin mo ang Mateo 3:17, noong binautismuhan ni Juan si Jesus: "At narito ang isang tinig na mula sa mga langit, na nagsasabi, Ito ang sinisinta kong Anak, na siya kong lubos na kinalulugdan."

**M.** Hindi mo dapat tanggapin ang salitang Anak sa literal na kahulugan sapagkat maraming Propeta, at kahit tayong mga tao, ang tinatawag din sa Bibliya na mga anak ng Diyos. Basahin mo ang Exodo 4:22.

**K.** "At iyong (Moises) sasabihin kay Faraon, Ganito ang sabi ng Panginoon, Ang Israel ay aking anak, aking panganay."

**M.** Heto si Jacob (Israel), ang Kanyang panganay na anak. Basahin mo ngayon ang II Samuel 7:13-14 o ang I Mga Taga Cronica 22:10.

**K.** "Kaniyang (Solomon) ipagtatayo ng bahay ang aking pangalan, at aking itatatag ang luklukan ng kaniyang kaharian magpakailan man. Ako'y magiging kaniyang ama, at siya'y magiging aking anak …"

**M.** Magiging nakalilito kung babasahin mo ang Jeremias 31:9: "sapagkat ako'y pinakaama sa Israel, at ang

Ephraim ang aking panganay." Sa Exodo 4:22 ngayon lamang, si Israel ay tinawag din na anak na panganay. Sino ngayon ang tunay na panganay? Si Israel ba o si Ephraim? Ang mga pangkaraniwang tao ay maaari ring maging mga anak ng Diyos; basahin mo ang Deuteronomio 14:1.

**K.** "Kayo'y mga anak ng Panginoon ninyong Diyos …"

**M.** Ang mga pangkaraniwang tao ay matatawag din na anak na panganay; basahin mo ang Roma 8:29.

**K.** "Sapagka't yaong mga nang una pa'y kaniyang nakilala, ay itinalaga naman niya na maging katulad ng larawan ng kaniyang Anak, upang siya ang maging panganay sa maraming magkakapatid."

**M.** Kung ang lahat ay panganay, ano naman si Jesus kung gayon?

**K.** Siya ang nag-iisang ipinanganak na Anak ng Diyos.

**M.** Matagal na panahon bago pa man ipinanganak si Jesus, ang Diyos ay nagsabi na kay David (Mga Awit 2:7): "Aking sasaysayin ang tungkol sa pasiya: Sinabi ng Panginoon sa akin, Ikaw ay aking anak; Sa araw na ito ay ipinanganak kita." Samakatuwid si David ay ipinanganak na Anak din ng Diyos. Ang kahulugan ng Anak ng Diyos ay hindi literal kundi metaporiko. Ito ay maaaring ang sinumang minamahal ng Diyos. Sinabi rin ni Jesus na

ang Diyos ay hindi Ama niya lamang kundi Ama rin ninyo. Basahin mo ang (Mateo 5:45,48).

**K.** "Upang kayo'y maging mga anak ng inyong Ama na nasa langit"; at "Kayo nga'y mangagpakasakdal, na gaya ng inyong Ama sa kalangitan na sakdal."

**M.** Samakatuwid makikita mo sa maraming talata ng Bibliya na ang taguring "Anak ng Diyos," na nagpapahiwatig ng pag-ibig at pagmamahal, at pagkamalapit sa Diyos, ay hindi ipinatutungkol kay Jesus lamang. Makakikita ka ng mga lalake at babaeng anak ng Diyos (II Mga Taga Corinto 6:18): "At ako sa inyo'y magiging ama, At sa akin kayo'y magiging mga anak na lalake at babae, sabi ng Panginoong Makapangyarihan sa lahat." Dahil sa mga ito at sa iba pang mga talata sa Bibliya, walang anumang dahilan kung bakit si Jesus ay dapat ituring na Anak ng Diyos, sa literal man o sa natatanging kahulugan.

**K.** Ngunit wala siyang ama; iyan ang dahilan kung bakit siya ay anak ng Diyos.

**M.** Bakit mo itinuturing si Adan kung gayon na hindi Anak ng Diyos. Siya ay walang ama at ina; at tinatawag din na anak ng Diyos sa Lucas 3:38: "Seth na anak ni Adan, na siyang anak ng Diyos."[4] Basahin mo ang Hebreo 7:3.

---

[4] Sinipi mula sa MAGANDANG BALITA para sa Ating Panahon (PBS)

**K.** "Na walang ama, walang ina, walang tanda ng lahi, at walang pasimula ng mga araw ni katapusan ng buhay man, datapuwa't naging katulad ng Anak ng Dios, ay nanatiling saserdote magpakailan man."

**M.** Sino siya? Ang kasagutan ay nasa Hebreo 7:1: "Sapagka't itong si Melquisedec, hari ng Salem, saserdote ng Kataastaasang Dios, na siyang sumalubong kay Abraham …" Siya ay higit na natatangi kaysa kina Jesus at Adan. Bakit hindi siya higit na itinuturing na anak ng Diyos, o Diyos na mismo?

**K.** Ano ang tawag ninyo kay Jesus kung gayon?

**M.** Kaming mga Muslim ay tumatawag sa kanya na Jesus, ang anak ni Maria.

**K.** Walang sinumang magkakaila nito.

**M.** Oo, ito ay payak at walang sinumang magkakaila nito. Tinatawag ni Jesus ang kanyang sarili na **anak ng tao** at tumanggi siyang tawaging anak ng Diyos. Basahin mo ang Lucas 4:41.

**K.** "At nagsilabas din sa marami ang mga demonio na nagsisisigaw, na nagsasabi, Ikaw ang Anak ng Dios. At sinasaway sila, na di niya sila tinutulutang mangagsalita, sapagka't naalaman nilang siya ang Cristo."

**M.** Si Jesus na siyang hinihintay na Mesias, na isang Propeta, ay itinaas mula sa pagiging guro upang maging Anak ng Diyos, Panginoon, at sa bandang huli ay naging

Diyos na mismo. Basahin mo ang Juan 3:2: “Ito rin ay naparoon sa kaniya nang gabi, at sa kaniya’y nagsabi, Rabi, nalalaman naming ikaw ay isang guro na nagbuhat sa Dios …”; (Juan 6:14): “Kaya’t nang makita ng mga tao ang tandang ginawa niya, ay kanilang sinabi, Totoong ito nga ang propeta na paririto sa sanglibutan.” Si Jesus ay tinawag ding Propeta sa Juan 7:40, Mateo 21:11, Lucas 7:16 at 24:19. (Mga Gawa 9:20): “At pagdaka’y kaniyang (Pablo) itinanyag sa mga sinagoga si Jesus, na siya ang Anak ng Diyos.” (Mahihinuha mo rin mula rito na ang mga sinaunang Kristiyano ay gumagamit pa rin ng mga sinagoga, ngunit bandang huli nang malihis na ang Kristiyanismo sa tunay na katuruan ni Jesus, ang mga simbahan ay itinatag. Sina Pablo at Bernabe at ang mga Hentil ay pinaalis sa mga sinagoga yamang naparatangan sila ng paglapastangan sa Diyos at ng karumihan. Tingnan mo ang Mga Gawa 13:50, 17:18 at 21:28.) Lucas 2:11: “Sapagka’t ipinanganak sa inyo ngayon sa bayan ni David ang isang Tagapagligtas, na siya ang Cristo ang Panginoon.” Juan 1:1: “Nang pasimula siya ang Verbo, at ang Verbo ay sumasa Dios, at ang Verbo ay Dios.”

# Si Jesus ba ay Naipako sa Krus?

**M.** Ang Banal na Qur'an ay nagpahayag sa **Súrah 4:157** na si Jesus ay hindi naipako: **"At dahil sa sinabi nila, "Tunay na kami ay pumatay sa Kristo Jesus na anak ni Maria, ang Sugo ni Allah," samantalang hindi naman nila siya napatay at hindi nila siya naipako sa krus, …"** Naniniwala ka pa rin ba na siya ay namatay sa Krus?

**K.** Oo, siya ay namatay at binuhay na muli.

**M.** Sumasang-ayon tayong lahat na walang sinumang nakakita noong sandaling muli siyang binuhay. Natagpuan nilang walang laman ang libingang pinaglagyan kay Jesus, at ipinagpalagay na nila na siya ay binuhay na muli sapagkat nakita ng mga disipulo at iba pang mga saksi na siya ay buhay pagkatapos ng diumano'y pagpapako. Hindi kaya maaaring posible, gaya ng sinasabi ng Qur'an na, na siya ay hindi namatay sa Krus?

**K.** Nasaan ang patotoo, kung gayon?

**M.** Tingnan natin ang mga talata sa Bibliya na nagpapatunay sa katibayang ito. Higit mo bang pinahahalagahan ang sinabi ni Jesus o ang haka-haka ng mga disipulo, mga apostol, at iba pang mga saksi?

**K.** Mangyari pang higit ang kay Jesus mismo.

**M.** Iyan ay alinsunod sa sinabi ni Jesus (Mateo 10:24): "Hindi mataas ang alagad sa kaniyang guro, ni hindi mataas ang alila sa kaniyang panginoon."

**K.** Ngunit si Jesus mismo ay nagsabing siya ay magbabangong muli sa mga patay (Lucas 24:46): "At sinabi niya sa kanila, Ganyan ang pagkasulat, na kinakailangang maghirap ang Cristo, at magbangong muli sa mga patay sa ikatlong araw."

**M.** Ang paghihirap ay madalas banggitin sa Bibliya nang may pagpapalabis at tinataguriang "patay" gaya ng sinabi ni Pablo (I Mga Taga Corinto 15:31): "I protest by your rejoicing which I have in Christ, **I die daily**." ["Ipinahahayag ko alang-alang sa ikaluluwalhati ninyo, na taglay ko kay Cristo, ako ay namamatay araw-araw."][5] Narito ang iba pang mga patunay:

**1.** Sa Krus ay nagsumamo siya sa Diyos na tulungan siya (Mateo 27:46): "Dios ko, Dios ko bakit mo ako pinabayaan?" At sa Lucas 22:42: "Na sinabi, Ama, kung ibig mo, ilayo mo sa akin ang sarong ito: gayon ma'y huwag mangyari ang aking kalooban, kundi ang iyo." (Ang sarong ito ay ang saro ng kamatayan.)

---

[5] Napilitan na naman ang tagapagsalin na isalin sa Tagalog mula sa King James Version ang talatang ito ng Bibliya sapagkat may kaibahan ang matatagpuan sa saling Tagalog: ang **"I die daily"** (ako ay namamatay araw-araw) ay isinaling **"araw-araw ay nasa panganib ng kamatayan ako"** sa Ang Biblia ng PBS.

**2.** Ang panalangin ni Jesus na huwag siyang mamatay sa krus ay dininig ng Diyos, ayon sa Lucas, Hebreo, at Santiago. Kung gayon, papaano pa siyang namatay sa krus? (Lucas 22:43): "At napakita sa kaniya ang isang anghel na mula sa langit, na nagpalakas sa kaniya." Ito ay nangangahulugang tinitiyak sa kanya ng isang anghel na hindi siya pababayaan ng Diyos. (Hebreo 5:7): "Na siya sa mga araw ng kaniyang laman ay naghandog ng mga panalangin at mga daing na sumisigaw ng malakas at lumuluha doon sa may kapangyarihang makapagligtas sa kaniya sa kamatayan, at siya'y dininig dahil sa kaniyang banal na takot."

Dininig ang panalangin ni Jesus, na nangangahulugang tinugon ng Diyos sa magandang paraan. (Santiago 5:16): "… Malaki ang nagagawa ng maningas na panalangin ng taong matuwid." Nagsabi si Jesus mismo (Mateo 7:7-10): "Magsihingi kayo, at kayo'y bibigyan; magsihanap kayo, at kayo'y mangakasusumpong; magsikatok kayo, at kayo'y bubuksan: Sapagka't ang bawa't humihingi ay tumatanggap; at ang humahanap ay nakasusumpong; at ang tumutuktok ay binubuksan. O anong tao sa inyo, ang kung siya'y hingan ng tinapay ng kaniyang anak, ay bato ang ibibigay; O kung hingan siya ng isda, ay bibigyan niya ng ahas?" Kung ang lahat ng panalangin ni Jesus ay dininig ng Diyos, pati na ang

panalanging huwag siyang mamatay sa krus, papaano pa siyang namatay sa krus kung gayon?

**3. Ang kanyang mga binti ay hindi binali ng mga Romanong kawal (Juan 19:32-33): "Naparoon nga ang mga kawal at binali ang mga binti ng dalawang ipinakong kasabay ni Jesus. Ngunit pagdating nila kay Jesus at makitang patay na siya, hindi na nila binali ang kanyang binti."[6] Maaari mo bang pagkatiwalaan ang mga kawal na ito sa pagpapahayag nila ng kanyang kamatayan, o ibig ba nilang iligtas si Jesus yayamang nalaman nilang siya ay walang kasalanan?**

**4. Kung si Jesus ay namatay sa krus, ang dugo niya ay hindi sana namuo at wala sanang dugong pumulandit mula sa katawan niya nang inulos ang tagiliran niya. Ngunit ang Ebanghelyo ay nagpahayag na dugo at tubig ang lumabas; (Juan 19:34): "Ngunit inulos ng sibat ng isa sa mga kawal ang tagiliran ni Jesus at biglang dumaloy ang dugo at tubig sa tagiliran ni Jesus."[7]**

**5. Noong humiling ang mga Pariseo ng isang tanda bilang patotoo sa kanyang misyon, siya ay sumagot (Mateo 12:40): "Sapagka't kung paanong si Jonas ay**

---

[6] MAGANDANG BALITA para sa Ating Panahon ng PBS

[7] MAGANDANG BALITA para sa Ating Panahon ng PBS

**napasa tiyan ng isang balyena na tatlong araw at tatlong gabi: ay gayon ding mapapasa ilalim ng lupa na tatlong araw at tatlong gabi ang anak ng tao." Pabayaan mo muna ang bilang ng araw [na siya ay nasa libingan], na hindi rin naman tatlong araw at tatlong gabi kundi isang araw (Sabado, araw lamang) at dalawang gabi (Biyernes ng gabi at Sabado ng gabi). Si Jonas ba ay buhay sa loob ng tiyan ng balyena?**

**K.** Oo.

**M.** Si Jonas ay buhay pa ba noong siya ay iniluwa ng balyena?

**K.** Oo.

**M.** Kung gayon, si Jesus ay buhay pa ayon na rin sa hula niya.

**6. Si Jesus mismo ay nagpahayag na hindi siya namatay sa krus. Nang umagang-umaga ng Linggo ay pumunta si Maria Magdalena sa libingan na wala naman palang laman. May nakita siyang nakatayo na mukhang isang hardinero. Nakilala niya na iyon si Jesus matapos na mag-usap sila at ninais niyang hipuin iyon. [Ngunit] nagsabi si Jesus (Juan 20:17): "… Huwag mo akong hipuin; sapagka't hindi pa ako nakakaakyat sa Ama …" "Huwag mo akong hipuin," marahil dahil ang [paghipo sa] sariwang sugat ay**

**makakasasakit sa kanya. "Sapagkat hindi pa ako nakakaakyat sa Ama," ay nangangahulugang siya ay buhay pa, hindi pa patay, sapagkat kapag namatay ang sinuman ay magbabalik siya sa Lumikha. Ito ang pinakamatibay na patunay na inamin ni Jesus mismo.**

**7. Pagkatapos ng diumano'y pagkakapako sa krus, ang mga disipulo ay nag-akalang siya ay hindi na ang dating Jesus sa laman manapa'y minaging espiritu na, sapagkat ang mga katawang muling binuhay ay minaging espiritu na.**

**K. Sandali lamang. Papaano kang nakatitiyak na ang katawang binuhay na muli ay minaging espiritu?**

**M.** Iyan ang sinabi ni Jesus mismo sa Bibliya: na sila ay kahalintulad ng mga anghel.

**K.** Saan sa Bibliya?

**M.** Sa Lucas 20:34-36: "At sinabi sa kanila ni Jesus, Nagsisipag-asawa ang mga anak ng sanglibutang ito, at pinapag-aasawa: Datapuwa't ang mga inaaring karapatdapat magkamit ng sanlibutang yaon, at ng pagkabuhay na mag-uli sa mga patay, ay hindi mangag-aasawa, ni papag-aasawahin. Sapagka't hindi na sila maaaring mangamatay pa: sapagka't kahalintulad na sila ng mga anghel; at sila'y mga anak ng Diyos, palibhasa'y mga anak ng pagkabuhay na mag-uli."

Pagkatapos ay kinumbinsi sila ni Jesus, sa pamamagitan ng pagpapahipo sa kanila ng kanyang mga kamay at mga paa, na siya ang dati pa ring Jesus. Dahil hindi pa rin sila makapaniwala sa kanya, humingi siya ng makakain upang ipakita sa kanila na kumakain pa rin siya tulad ng ibang taong buhay. Basahin mo ang Lucas 24:36-43: "At samantalang kanilang pinag-uusapan ang mga bagay na ito, siya rin ay tumayo sa gitna nila, at sa kanila'y nagsabi, Kapayapaa'y suma inyo. Datapuwa't sila'y kinilabutan, at nanga-hintakutan, at inakala nila na nakakakita sila ng isang espiritu. At sinabi niya sa kanila, Bakit kayo'y nangagugulumihanan? at bakit nangyari ang mga pagtatalo sa inyong puso? Tingnan ninyo ang aking mga kamay at mga paa, ako rin nga: hipuin ninyo ako, at tingnan; sapagka't ang isang espiritu'y walang laman at mga buto, na gaya ng inyong nakikita na nasa akin. At pagkasabi niya nito, ay ipinakita niya sa kanila ang kaniyang mga kamay at ang kaniyang mga paa. At samantalang hindi pa sila nagsisisampalataya dahil sa galak, at nagsisipanggilalas, ay sinabi niya sa kanila, Mayroon baga kayo ritong anomang makakain? At binigyan nila siya ng isang putol na isdang inihaw. At kaniyang inabot yaon, at kumain sa harap nila."

**8. Kung naniniwala ka pa rin na namatay siya sa krus, samakatuwid siya ay isang bulaang Propeta at isinumpa ng Diyos, ayon sa mga talatang ito: (Deuteronomio 13:5):8 "At ang propetang yaon o ang nagbigay ng kahulugan sa panaginip ay dapat patayin**

---

[8] MAGANDANG BALITA para sa Ating Panahon ng PBS

**…”; (Deuteronomio 21:22-23): “Kung ang isang lalake ay magkasala ng kasalanang marapat sa kamatayan, at siya’y papatayin, at iyong ibitin siya sa isang punong kahoy;  Ay huwag maiiwan boong gabi ang kaniyang bangkay sa punong kahoy, kundi walang pagsalang siya’y ilibing sa araw ding yaon; sapagka’t ang bitin ay isinumpa ng Dios; upang huwag mong ihawa ang iyong lupa na ibinigay sa iyo ng Panginoon mong Dios, na ipinamana.”**

Ang paniniwala sa kanyang kamatayan sa krus ay ang pagpapabula sa kanyang pagka-propeta. Iginigiit ng mga Hudyo na kanilang napatay si Jesus sa Krus at dahil dito ay kanilang pinalabas na huwad siya sa kanyang pag-aangkin sa pagkapropeta. Ang mga Kristiyano ay naniniwala sa kanyang pagkapako sa krus na kinakailangan sa pagtubos sa kanila sa kasalanan at dahil dito kailangang tanggapin din ang pagiging isinumpa ni Jesus. Ang paniniwalang Kristiyano na ito ay sumasalungat sa katuruan ng Bibliya sa Oseas 6:6: “Sapagka’t ako’y nagnanasa ng kaawaan, at hindi hain; at ng pagkakilala sa Dios higit kay sa mga handog na susunugin.” Sumasalungat din ito sa sariling katuruan ni Jesus (Mateo 9:13): “Datapuwa’t magsihayo kayo at inyong pag-aralan kung ano ang kahulugan nito, Habag ang ibig ko, at hindi hain …” Sinabi pa ni Jesus (Mateo 12:7): “Datapuwa’t kung nalalaman ninyo kung ano ang

kahulugan nito, Habag ang ibig ko, at hindi hain, ay hindi sana ninyo hinatulan ang mga walang kasalanan."

**K.** Bakit naniniwala ang mga tao sa pagkabuhay na mag-uli ni Jesus, kung gayon?

**M.** Si Pablo ang nagturo ng pagkabuhay na mag-uli (Mga Gawa 17:18): "… At sinabi ng ilan (mga Judio), anong ibig sabihin ng masalitang ito? binagabag ang mga iba, Parang siya'y tagapagbalita ng mga ibang dios; sapagka't ipinangangaral niya si Jesus at ang pagkabuhay na mag-uli." Inamin din ni Pablo, na hindi nakakita kailanman kay Jesus, na ang pagkabuhay na mag-uli ay kanyang Ebanghelyo (II Timoteo 2:8): "Alalahanin mo si Jesucristo na muling nabuhay sa mga patay, sa binhi ni David, ayon sa aking evangelio." Siya rin ang unang nagpahayag na si Jesus ay Anak ng Diyos (Mga Gawa 9:20): "At pagdaka'y kaniyang itinanyag sa mga sinagoga si Jesus na siya ang Anak ng Diyos."

Samakatuwid, ang Kristiyanismo ay hindi katuruan ni Jesus kundi ni Pablo.

**K.** Ngunit nabanggit sa Marcos(16:19) na si Jesus ay iniakyat sa langit at lumuklok sa kanan ng Diyos: "Ang Panginoong Jesus nga, pagkatapos na sila'y mangakausap niya, ay tinanggap sa itaas ng langit, at lumuklok sa kanan ng Dios."

**M.** Tulad nga ng sinabi ko sa iyo, sa pagtatalakay ng Banal Bibliya, ang Marcos 16:9-20 ay inalis na sa ilang mga Bibliya. Tingnan mo ang pambungad ng *Revised Standard Version*, ng *New American Standard Bible* at ng *New World Translation of the Holy Scriptures* ng mga Saksi ni Jehovah. Kung naniniwala ka pa rin na si Jesus ay Diyos dahil siya ay iniakyat sa langit, bakit hindi mo tanggapin na Diyos din ang ibang mga Propeta na iniakyat din sa langit?

**K.** Sinu-sino sila?

**M.** Si Elias (II Mga Hari 2:11-12): "… at si Elias ay sumampa sa langit sa pamamagitan ng isang ipoipo. At nakita ni Eliseo, at siya'y sumigaw … At hindi na niya nakita siya …" At Ganoon din si Enoc, dinala siya ng Diyos sa langit (Genesis 5:24): "At lumakad si Enoc na kasama ng Dios: at di siya nasumpungan, sapagka't kinuha ng Dios." Ito ay inulit din sa Hebreo 11:5: "Sa pananampalataya si Enoc ay inilipat upang huwag niyang makita ang kamatayan; at hindi siya nasumpungan, sapagka't siya'y inilipat ng Dios: sapagka't bago siya inilipat ay pinatotohanan sa kaniyang siya'y naging kalugodlugod sa Dios."

# Ang Doktrina ng Pagtutubos at Pagmamana ng Kasalanan

**K.** Samakatuwid, ang pagtutubos ng kasalanan sa pamamagitan ng pagkapako kay Jesus sa krus ay hindi katuruan ni Jesus?

**M.** Ito ang Doktrina ng Pagtubos ng Kasalanan na tinanggap ng Simbahan, tatlo hanggang apat na siglo matapos lumisan si Jesus sa mundo. Sumasalungat ito sa Bibliya mismo gaya ng ipinakikita ng sumusunod na mga talata: (Deuteronomio 24:16): "Hindi papatayin ang magulang dahil sa mga anak, ni ang mga anak ay papatayin dahil sa mga magulang; bawa't tao'y papatayin dahil sa kaniyang sariling kasalanan." (Jeremias 31:30): "Nguni't bawa't isa ay mamamatay ng dahil sa kaniyang sariling kasalanan …" (Ezekiel 18:20): "Ang kaluluwa na nagkakasala, mamamatay: ang anak ay hindi magdadanas ng kasamaan ng ama, o magdadanas man ang ama ng kasamaan ng anak; ang katuwiran ng matuwid ay sasa kaniya, at ang kasamaan ng masama ay sasa kaniya." Samakatuwid sina Adan at Eba ang mananagot sa kasalanan nila, na pinatawad naman ni Allah ayon sa katuruan ng Islam.

**K.** Subalit ang mga ito ay nasa Matandang Tipan.

**M.** Basahin mo ang sinabi mismo ni Jesus sa Mateo 7:1 at 2.

**K.** "Huwag kayong magsihatol, upang huwag kayong hatulan. Sapagka't sa hatol na inyong ihahatol, ay hahatulan kayo: at sa panukat na inyong isusukat, ay susukatin kayo."

**M.** Basahin mo naman ang I Mga Taga Corinto 3:8.

**K.** "Ngayon ang nagtatanim at ang nagdidilig ay iisa: nguni't ang bawa't isa ay tatanggap ng kanilang sariling kagantihan ayon sa kaniyang sariling pagpapagal." Ngunit naniniwala kami sa Manang Kasalanan!

**M.** Nais mo pa bang patunayan ko sa iyo na ang mga bata ay isinilang na walang kasalanan? Basahin mo ang Mateo 19:14.

**K.** "Datapuwa't sinabi ni Jesus, Pabayaan ninyo ang maliliit na bata, at huwag ninyong pagbawalan silang magsilapit sa akin: sapagka't sa mga ganito ang kaharian ng langit."

**M.** Samakatuwid ang bawat isa ay isinilang na walang kasalanan at ang lahat ng bata ay para sa kaharian ng langit. Nalalaman mo ba na si Pablo ang nagpawalang-bisa sa mga kautusan ni Moises? Basahin mo ang Mga Gawa 13:39.

**K.** "At sa pamamagitan niya ang bawa't nananampalataya ay inaaring ganap sa lahat ng mga

bagay, na sa mga ito'y hindi kayo aariing ganap sa pamamagitan ng kautusan ni Moises."

**M.** May itatanong ako sa iyo. Bakit ka naniniwala sa pagkabuhay na mag-uli ni Jesus kung si Pablo mismo, na hindi nakakita kailanman kay Jesus, ay umamin na ito ay kanyang evangelio?

**K.** Saan ito nakasulat?

**M.** Basahin mo ang II Timoteo 2:8.

**K.** "Alalahanin mo si Jesucristo na muling nabuhay sa mga patay, sa binhi ni David, ayon sa aking evangelio." Ngunit bakit kailangan pa tayong maniwala na siya ay ipinako sa krus at ibinangon sa mga patay?

**M.** Oo, hindi ko nga rin alam. Ang Islam ay nakabatay sa katuwiran at ito ay isang dalisay na katuruan ng lahat ng Propeta, na hindi nahaluan ng paganismo at mga pamahiin.

**K.** Iyan na nga ang aking hinahanap.

**M.** Bakit hindi mo muna isagawa ang *Shahádah* o Pagsasaksi, una sa Ingles, at pagkatapos ay sa Arabe. Hayaan mong tulungan kita sa pagbigkas nito.

**K.** Sumasaksi ako na walang Diyos kundi si Allah, tanging Siya lamang, wala Siyang katambal; at sumasaksi rin ako na si Muhammad ay Kanyang Lingkod at Kanyang Sugo. *Ash'hadu an lá iláha illaláhu wa<u>h</u>dahu*

*lá sharíka lahu, wa ash'hadu anna Muhammadan 'abduhu wa rasúluhu.*

Si Propeta Muhammad ba ay hinulaan sa Bibliya?

**M.** Oo, ngunit hindi kinakailangan para sa isang Muslim na malaman ito mula sa Bibliya. Yayamang iyong napag-aralan ang Bibliya, nais kong talakayin ito sa iyo nang maigsi sa ibang araw.

**Paalaala:** Ang nalalabing talakayan ay gaganapin sa pagitan ng dalawang Muslim: **M. at m.**

# Si Muhammad sa Bibliya

## Kapwa Pinagpala sina Ismael at Isaac

**M.** Bakit nilayuan ng mag-inang Ismael at Agar si Sara?

**m.** Pagkatapos awatin si Isaac, nakita ng kanyang inang si Sara si Ismael na tumutuya sa kanya. Ayaw rin ni Sara na magmana si Ismael na kahati ng kanyang anak na si Isaac (Genesis 21:8-10): "At lumaki ang sanggol, at inihiwalay sa suso; at nagpiging ng malaki si Abraham ng araw na ihiwalay sa suso si Isaac. At nakita ni Sara ang anak ni Agar na taga Egipto, na ito'y nagkaanak kay Abraham, na tumutuya sa kaniya. Kaya sinabi niya kay Abraham, Palayasin mo ang aliping ito at ang kaniyang anak: sapagka't hindi magmamana ang anak ng aliping ito na kahati ng aking anak, sa makatuwid baga'y ni Isaac."

**M.** Si Isaac ay mga dalawang taon noong inawat siya. Si Ismael kung gayon ay labing-anim na taong gulang sapagkat si Abraham ay walumpu't anim na taong gulang noong isinilang ni Agar si Ismael at isang daang taong gulang naman noong isinilang si Isaac, ayon sa Genesis 16:16: "At si Abram ay may walong pu't anim na taon nang ipanganak si Ismael ni Agar kay Abram," at sa Genesis 21:5: "At si Abraham ay may isangdaang taon, nang sa kanya'y ipinanganak si Isaac na kaniyang anak."

Ang Genesis 21:8-10, kung gayon, ay salungat sa Genesis 21:14-21 sapagkat sa talatang ito si Ismael ay inilarawang isang sanggol na inilagay sa balikat ng kanyang ina, tinawag na bata at sanggol, noong kapwa nila iniwan si Sara: "At nagbangong maaga sa kinaumagahan si Abraham, at kumuha ng tinapay at ng isang bangang balat ng tubig, at ibinigay kay Agar, na ipinatong sa kaniyang balikat, at ang bata …" (Genesis 21:14); "Magtindig ka, iyong itayo ang bata, at alalayan mo siya ng iyong kamay …" (Genesis 21:18). Ito ay balangkas ng paglalarawan ng isang bata at hindi ng isang binatilyo. Samakatuwid si Ismael at ang kanyang ina ay lumayo kay Sara matagal nang panahon bago isinilang si Isaac. Ayon sa sanaysay ng Islam, dinala ni Abraham sina Ismael at Agar sa Makkah, na tinawag na Paran sa Bibliya (Genesis 21:21), at gumawa ng isang bagong tirahan doon, dahil sa isang kautusan ng Diyos na ibinigay kay Abraham bilang bahagi ng plano ng Diyos. Si Agar ay tumakbo nang pitong ulit sa pagitan ng dalawang burol ng Safa at Marwa, sa paghahanap ng tubig. Ito ngayon ay naging isang rituwal ng Islam sa taunang *Pilgrimage* (*Hajj*) sa Makkah ng milyun-milyong Muslim mula sa iba't ibang sulok ng daigdig. Ang balon ng tubig na nabanggit sa (Genesis 21:19) ay naroroon pa rin at tinatawag ngayon na Zamzam. Kapwa sina Abraham at Ismael ang nagtayo bandang huli sa Makkah ng sagradong bahay na bato na tinatawag na Ka'bah. Ang

lugar na pinagdarasalan noon ni Abraham malapit sa Ka'bah ay naroroon pa rin, na nagyon ay tinatawag na *Maqám Ibráhím*, na ang ibig sabihin ay ang tinindigan ni Abraham. Sa mga Araw ng *Pilgrimage*, ang mga nagsasagawa ng *Pilgrimage* sa Makkah at ang mga Muslim sa buong mundo ay gumugunita sa pag-aalay ni Abraham at Ismael sa pamamagitan ng pagkatay ng hayop.

**m.** Ngunit binabanggit ng Bibliya na si Isaac ang inialay.

**M.** Hindi, ang salaysay ng Islam ay nagsasabi na ang tipan ng Diyos at ni Abraham at ng kanyang nag-iisang anak na si Ismael ay ginawa at pinagtibay noong iaalay sana si Ismael. At noong araw na sina Abraham, Ismael at ang lahat ng lalakng kasambahay ni Abraham ay tinuli samantalang hindi pa nga naisisilang si Isaac (Genesis 17:24:27): "At si Abraham ay may siyam na pu't siyam na taon, nang tuliin ang laman ng kaniyang balat ng masama. At si Ismael ay may labing tatlong taon, nang tuliin ang laman ng kaniyang balat ng masama. Nang araw ding yaon tinuli si Abraham, at si Ismael na kaniyang anak. At lahat ng lalaking kasangbahay niya, maging ang mga ipinanganak sa bahay, at ang mga binili ng salapi sa taga ibang lupain, ay pinagtuling kasama niya."

Pagkalipas ng isang taon ay isinilang si Isaac at tinuli noong siya ay walong araw na (Genesis 21:4-5): "At

tinuli ni Abraham si Isaac ng magkaroon ng walong araw gaya ng iniutos ng Dios sa kaniya. At si Abraham ay may isang daang taon, nang sa kaniya'y ipinanganak si Isaac na kaniyang anak."

Samakatuwid noong ang tipan ay ginawa at pinagtibay (ng pagtutuli at pag-aalay), si Abraham ay siyamnapu't siyam na taong gulang, at si Ismael naman ay labintatlong taong gulang. Si Isaac ay isinilang pagkalipas ng isang taon nang si Abraham ay isandaang taon gulang na.

Ang mga inapo ni Ismael, si Propeta Muhammad (SKP), kabilang na ang lahat ng mga Muslim, ay nananatiling tapat magpahanggang ngayon sa tipang ito ng pagtutuli. Sa kanilang mga panalangin na hindi bababa sa limang beses araw-araw, isinasama ng mga Muslim ang pagpupuri kay Abraham at sa kanyang mga inapo sa pagpupuri kay Muhammad (SKP) at sa kanyang mga inapo.

**m.** Ngunit sa Genesis 22:2 ay binanggit na si Isaac ang inialay!

**M.** Nalalaman ko ito, ngunit makikita mo ang kasalungatan doon. Binanggit doon ang "iyong bugtong na anak na si Isaac." Hindi kaya na dapat sana ito ay naisulat na **"iyong bugtong na anak na si Ismael"** noong si Ismael ay labintatlong taon gulang na at si Isaac ay hindi pa naisilang? Noong isinilang si Isaac, si

Abraham ay mayroon nang dalawang anak. Dahil sa kanilang Bulag na Pagkamakabayan, ang pangalang Ismael ay pinalitan kaya naging Isaac sa buong Genesis 22, ngunit pinanatili ng Diyos ang salitang **"bugtong"** upang ipakita sa atin kung ano talaga ang nangyari.

Ang mga katagang "pararamihin ko ang iyong binhi" sa Genesis 22:17 ay naunang ipinatungkol kay Ismael sa Genesis 16:10. Kung gayon, ang kabuuhan ng Genesis 22 ay hindi kaya pumapatungkol kay Ismael? Ang pangungusap na "siya'y gagawin kong malaking bansa" ay inulit ng dalawang beses para kay Ismael sa Genesis 17:20 at Genesis 21:18, at hindi kailanman ipinapatungkol kay Isaac.

**m.** Pinagpipilitan ng mga Hudyo at mga Kristiyano na si Isaac ay nakahihigit kay Ismael.

**M.** Iyan ang kanilang sinasabi ngunit hindi iyan ang pahayag ng Bibliya (Genesis 15:4): "At, narito, ang salita ng Panginoon ay dumating sa kaniya (Abraham), na nagsabi, Hindi ang taong (si Eliezer na taga Damasco) ito ang magiging tagapagmana mo; kundi lalabas sa iyong sariling katawan ang tagapagmana mo." Samakatuwid si Ismael ay tagapagmana rin.

Genesis 16:10: "At sinabi sa kaniya ng anghel ng Panginoon, Pararamihin kong mainam ang iyong binhi, na hindi mabibilang dahil sa karamihan."

Genesis 17:20: “At tungkol kay Ismael, ay dininig din kita. Narito’t aking pinagpala siya, at siya’y aking papag-aanakin ng marami, at siya’y aking pararamihin ng di kawasa; labing dalawang prinsipe ang kaniyang magiging anak, at siya’y gagawin kong malaking bansa.”

Genesis 21:13: “At ang anak din naman ng alipin ay gagawin kong isang bansa, sapagka’t siya’y anak mo.”

Genesis 21:18: “Magtindig ka, iyong itayo ang bata, at alalayan mo siya ng iyong kamay; sapagka’t siya’y gagawin kong isang bansang malaki.”

Deuteronomio 21:15-17: “Kung ang isang lalake ay may dalawang asawa, na ang isa’y sinisinta, at ang isa’y kinapopootan, at kapuwa magkaanak sa kaniya, ang sinisinta at ang kinapopootan; at kung ang maging panganay ay sa kinapopootan: Ay mangyari nga sa araw na kaniyang pagmanahin ang kaniyang mga anak ng kaniyang tinatangkilik, ay hindi niya magagawang panganay ang anak ng sinisinta na higit kay sa anak ng kinapopootan, na siyang panganay; Kundi kaniyang kikilalaning panganay, ang anak ng kinapopootan sa pamamagitan ng pagbibigay sa kaniya ng dalawang bahagi sa boong kaniyang tinangkilik; sapagka’t siya ang pasimula ng kaniyang lakas; ang karapatan nga ng pagkapanganay ay kaniya.” Hindi ikinakaila ng Islam ang mga pagpapala ng Diyos kay Isaac at sa kanyang mga inapo, ngunit ang anak ng pangako ay si Ismael na mula

naman sa kanya ay lumitaw si Propeta Muhammad (SKP) bilang Kahuli-hulihan sa mga Propeta.

**m.** Subalit ang mga Hudyo at ang mga Kristiyano ay nagsasabing si Ismael ay anak sa labas.

**M.** Iyan ang sinasabi nila, ngunit hindi iyan ang ipinahahayag ng Bibliya. Papaano magkakaroon ng asawang ilegal at anak sa labas ang isang dakilang Propeta na katulad ni Abraham!

Genesis 16:3: "At kinuha ni Sarai na asawa ni Abram, si Agar na taga Egipto, na kaniyang alila, pagkaraan ng sangpung taon na makatahan si Abram sa lupain ng Canaan, at ibinigay kay Abram na kaniyang asawa upang maging asawa niya." Kung ang pagiging mag-asawa ay legal, papaano, kung gayon, ang kanilang supling magiging ilegal! Ang maging mag-asawa ang dalawang banyaga: isang Caldeo (Abraham) at isang taga-Egipto (Agar) ay hindi ba higit na legal kaysa sa maging mag-asawa ang isang lalake (Abraham) at ang isang babae (Sara) na anak ng kanyang ama? Kung ito ay isang pagsisinungaling man ni Abraham o hindi, nasasaad sa Genesis: 20:12: "At saka talagang siya'y kapatid ko, na anak ng aking ama, datapuwa't hindi anak ng aking ina; at siya'y naging asawa ko."

Ang pangalang Ismael ay pinili rin ni Allah mismo (Genesis 16:11): "At sinabi sa kaniya (Agar) ng anghel ng Panginoon, Narito't ikaw ay nagdadalang-tao at ikaw

ay manganganak ng isang lalake; at ang itatawag mo sa kaniyang ngalan ay Ismael, sapagka't dininig ng Panginoon ang iyong kadalamhatian." At saan naman nakasulat sa Bibliya na si Ismael ay anak sa labas?

**m.** Wala sa Bibliya.

**M.** Matagal na panahon bago pa naisilang sina Ismael at Isaac, ang Diyos ay nakipagtipan na kay Abraham (Genesis 15:18): "… na nagsabi, Sa iyong binhi ibinigay ko ang lupaing ito, mula sa ilog ng Egipto hanggang sa malaking ilog, na ilog Eufrates." Hindi ba't ang kalakhang bahagi ng Arabia ay nasa pagitan ng Ilog Nile at Eufrates, na bandang huli ay pinanirahan ng lahat ng inapo ni Ismael?

**m.** Ang ibig mo bang sabihin ay walang lupaing ipinangako kay Isaac at sa kanyang mga inapo?

**M.** Tayong mga Muslim ay hindi kailanman nagkakaila na si Isaac ay pinagpala rin. Tingnan mo ang Genesis 17:8: "At ibibigay ko sa iyo, at sa iyong binhi, pagkamatay mo, **ang lupaing iyong mga pinaglakbayan,**[9] ang boong lupain ng Canaan, na pag-aaring walang hanggan at ako ang magiging Dios nila."

---

[9] Ang mga katagang **"ang lupaing iyong mga pinaglakbayan"** ay **"the land wherein thou art a stranger"** sa pinagsalinang aklat na ang ginamit na version ng Bibliya ay *King James*. Mapupuna na napakalayo ng dalawang salin.

Napupuna mo rin ang kaibahan na si Abraham ay binanggit na naglakbay sa lupain ng Canaan ngunit hindi [binanggit na siya ay naglakbay] sa lupain sa pagitan ng Nile at Eufrates. Bilang isang Caldeo, siya ay higit na isang Arabe kaysa sa isang Hudyo.

**m.** Ngunit ang tipan ay pinagtibay kay Isaac ayon sa Genesis 17:21: "Nguni't ang aking tipan ay pagtitibayin ko kay Isaac na iaanak sa iyo ni Sara, sa tadhanang araw, sa taong darating."

**M.** Hindi ba rito kasama si Ismael? Saan sa Bibliya na sinabi ng Diyos na hindi Siya makikipagtipan kay Ismael?

**m.** Wala.

# Ang Batayan ni Propeta Jeremias

Jeremias 28:9: "Ang propeta, na nanghuhula ng tungkol sa kapayapaan, ay makikilala nga siyang propeta, na tunay na sinugo ng Panginoon siya, pagka ang salita ng propeta ay mangyayari."

Ang salitang Islam ay nangangahulugan ding Katiwasayan at Kapayapaan. Kapayapaan sa pagitan ng Lumikha at Kanyang mga nilikha. Ang hula ni Jeremias ay hindi maaaring pumatungkol kay Jesus dahil siya mismo ay nagsabi na hindi siya naparito para sa kapayapaan (Lucas 12:51-53): "Inaakala baga ninyo na ako'y naparito upang magbigay ng kapayapaan sa lupa? Sinasabi ko sa inyo, Hindi, kundi bagkus pagkakabahahabahagi: Sapagka't mula ngayon ay magkakabahahabahagi ang lima sa isang bahay, tatlo laban sa dalawa, at dalawa laban sa tatlo. Sila'y mangagkakabahahabahagi, ang ama'y laban sa anak na lalake, at ang anak na lalake ay laban sa ama; ang ina'y laban sa anak na babae, at ang anak na babae ay laban sa kaniyang ina; ang biyanang babae ay laban sa kaniyang manugang na babae, at ang manugang na babae ay laban sa kaniyang biyanang babae." Tingnan mo rin ang Mateo 10:34-36.

# Hanggang sa ang Shiloh ay Dumating

Ito ay isang mensahe ni Jacob sa kanyang mga anak bago siya namatay (Genesis 49:1): “At tinawag ni Jacob ang kaniyang mga anak, at sinabi, Magpipisan kayo, upang maisaysay ko sa inyo ang mangyayari sa inyo sa mga huling araw,”

Genesis 49:10: “Ang setro ay hindi mahihiwalay sa Juda, Ni ang tungkod ng pagkapuno sa pagitan ng kaniyang paa, hanggang sa ang Shiloh ay dumating; at sa kaniya ay tatalima ang mga bansa.” Ang Shiloh ay pangalan din ng isang bayan, ngunit ang tunay na kahulugan nito ay kapayapaan, kapanatagan, katiwasayan o Islam. Sa talatang ito, hindi maaaring tumutukoy ito sa isang bayan. Kung tumutukoy naman ito sa isang tao, ito ay maaaring namaling bigkas ng [katagang Hebreo na] *Shaluah* (*Elohim*) na ang kahulugan ay Sugo (ni Allah.)

Samakatuwid, ang Pagkapropeta ng mga Israelita sa angkan ni Isaac ay hihinto kaagad sa pagdating ng Shiloh. Ito ay umaayon sa **Qur’an 2:133: “O kayo ba ay mga saksi noong dumating kay Jacob ang kamatayan? Noong nagsabi siya sa kanyang mga anak: “Ano ang inyong sasambahin kapag wala na ako?” ay nagsabi sila: “Sasambahin namin ang iyong Diyos na Diyos ng**

**iyong mga ninunong sina Abraham, Ismael, at Isaac: iisang Diyos, at kami ay sa Kanya mga Sumusuko.””**

Ang paglipat ng Pagkapropeta sa ibang bansa ay binalaan sa Jeremias 31:36: “Kung ang mga ayos na ito ay humihiwalay sa harap ko, sabi ng Panginoon, ang binhi nga ng Israel ay maglilikat sa pagkabansa sa harap ko magpakailan man.” Ito ay ipinahawatig din ni Jesus sa Mateo 21:43: “Kaya nga sinasabi ko sa inyo, Aalisin sa inyo ang kaharian ng Diyos, at ibibigay sa isang bansang nagkakabunga.”

## Ang Baca ay ang Makkah

Ang Banal na Ka’bah na itinayo ni Abraham at ng kanyang anak na si Ismael ay nasa Makkah. Ang pangalang Makkah ay nabanggit ng isang beses sa Banal na Qur’an sa Súrah 48:24. Ang isa pang pangalan ng Makkah ay Bakka, depende sa dayalekto ng isang liping Arabe. Ito ay binanggit din minsan sa **Súrah 3:96: “Tunay na ang unang Bahay *Sambahan* na itinayo para sa mga tao ay talagang ang nasa Bakka, pinagpala at patnubay para sa mga nilalang.”** Ang nakapagtataka rin, itong katagang Bakka ay binanggit ni Propeta David (SKP) sa kanyang mga Awit 84:6: “Who passing through the valley of BACA make it a well, the rain also filleth the pools.” [Na nagdaraan sa lambak ng

Baca na ginawa nilang bukal …][10] Ang bukal na tinutukoy rito ay ang Zamzam, na naririto pa rin sa ngayon, malapit sa Ka'bah.

# Ang Bahay ng Aking Kaluwalhatian

**Isaias, Kapitulo 60:**

**1.** "Ikaw ay bumangon, sumilang ka: sapagka't ang iyong liwanag ay dumating, at ang kaluwalhatian ng Panginoon ay sumikat sa iyo." Ihambing mo sa **Súrah 74:1-3: "O nakabalot! Bumangon ka at magbabala. At ang iyong Panginoon ay dakilain mo."**

**2. "Sapagka't naririto, tatakpan ng kadiliman ang lupa, at ng salimuot na dilim ang mga bayan: nguni't ang Panginoon ay sisikat sa iyo, at ang kaniyang kaluwalhatian ay makikita sa iyo." Ang pagdating ni Propeta Muhammad (SKP) ay noong panahon ng kadiliman nang ang mundo ay nakalimot sa Kaisahan ng Diyos ayon sa itinuro ni Abraham at ng iba pang mga Propeta kabilang na si Jesus.**

---

[10] Ang pagbibigay-diin ay sa amin. Isinalin namin sa Tagalog ang *King James Version* na siyang ginamit ng pinagsalinang aklat dahil ang katagang **BACA** ay isinaling **iyak** sa mga Bibliyang Tagalog. Kung ang kahulugan ng **BACA** ay **iyak**, bakit hindi ito isinalin na **weeping** ng mga tagapagsalin ng *King James Version*?

**3. "At ang mga bansa ay paroroon sa iyong liwanag, at ang mga hari sa ningning ng iyong sikat."**
**4. "Imulat mo ang iyong mga mata sa palibot, at ikaw ay tumingin: silang lahat ay nangagpipisan, sila'y nagsiparoon sa iyo …" Sa loob ng kulang-kulang dalawampu't tatlong taon, ang buong Arabia ay nagkaisa.**
**5. "… sapagka't ang kasaganaan ng dagat ay mababalik sa iyo, ang kayamanan ng mga bansa ay darating sa iyo." Sa loob ng kulang-kulang isang siglo, ang Islam ay lumaganap mula sa Arabia papunta sa iba pang mga bansa.**
**6. "Tatakpan ka ng karamihan ng kamelyo, ng mga dromedario sa Madian at sa Epha; magsisipanggaling na lahat mula sa Seba: mangagdadala ng ginto at kamangyang, at magtatanyag ng mga kapurihan ng Panginoon."**
**7. "Lahat ng kawan sa Cedar (Kedar) ay mapipisan sa iyo, ang mga lalaking tupa sa Nebayoth ay mangahahain sa akin: sila'y kalugodlugod, na tatanggapin sa aking dambana, at aking luluwalhatiin ang bahay ng aking kaluwalhatian." Ang mga lipi ng Kedar (Arabia) na nagkawatak-watak ay nagkaisa. Ang tinutukoy rito ng "ang bahay ng aking kaluwalhatian" ay ang Bahay ni Allah sa Makkah at**

**hindi ang Iglesia ni Cristo[11] gaya ng akala ng mga tagapaliwanag na Kristiyano. Sa katunayan, ang mga nayon ni Kedar (sa kasalukuyan ay ang buong Saudi Arabia) ay ang natatanging bansa sa mundo na nananatiling hindi napapasok ng anumang impluwensiya ng Iglesia.**

**11. "Ang iyo namang mga pintuang-bayan ay mabubukas na lagi; hindi masasara sa araw o gabi man; upang ang mga tao ay mangagdala sa iyo ng kayamanan ng mga bansa, at ang kanilang mga hari ay makakasama nila." Nalalaman natin na ang moske na nakapaligid sa Ka'bah ay nananatiling bukas sa gabi't araw simula ng linisin ito ni Propeta Muhammad (SKP) sa mga diyus-diyusan, mahigit 1,400 taon na ang nakalipas. Ang mga pinuno sampu ng mga nasasakupan ay nagsasadya rito upang magsagawa ng Hajj.**

---

[11] Ang Iglesia ni Kristo na tinutukoy sa aklat na ito ay hindi ang Iglesia ni Cristo na itinatag ni Felix Manalo sa Pilipinas noong 1914.

# Ang Mangangabayo ng Asno at Kamelyo

Ito ang pangitain ni Isaias tungkol sa dalawang mangangabayo na nabanggit sa Isaias 21:7: “At pagka siya’y nakakita ng pulutong, ng mga nangangabayong dalawa’t dalawa, ng mga asno, ng pulutong ng mga kamelyo …”

Sino ang mangangabayo ng asno? Ang bawat mag-aaral ng *Sunday School*[12] ay makikilala siya. Iyon ay si Jesus (Juan 12:14): “At si Jesus, pagkasumpong sa isang batang asno, ay sumakay doon, gaya ng nasusulat.”

Sino naman, kung gayon, ang ipinangakong mangangabayo ng kamelyo? Ang makapangyarihang Propeta na ito ay nakaligtaan ng mga mambabasa ng Bibliya. Ito ay si Propeta Muhammad (SKP). Kung ito ay hindi pumapatungkol sa kanya, samakatuwid ang hulang ito ay matutupad pa lamang. Kaya naman binanggit pa ni Isaias sa ganoon ding kabanata (21:13) ang: “The burden of Arabia…”[13] na nangangahulugang ang tungkulin ng

---

[12] Ito ay isang lingguhang pag-aaral ng Bibliya at mga Doktrina, na idinadaos sa mga kapilya at mga simbahan, lalong-lalo na ng mga Protestante.

[13] Sa Bibliyang Tagalog: **Ang hula tungkol sa Arabia**. Lubhang napakalayo ng kahulugan ng **hula** sa **burden.** Sana ay **prophecy** ang ginamit kung talagang ito ang tama.

mga Arabeng Muslim, at mangyari pa ng lahat ng mga Muslim sa ngayon, na ipalaganap ang mensahe ng Islam.

Isaias 21:14: "… sinalubong ng mga nananahan sa lupain ng Tema na may kanilang tinapay ang mga bihag." Ang Tema ay malamang na ang Madinah na nilipatan ni Propeta Muhammad (SKP) at ng kanyang mga tagasunod. Ang bawat nandayuhan (na taga-Makkah) ay ginawang kapatid ng bawat mamamayan ng Madinah at binigyan ng pagkain at matutuluyan.

Isaias 21:15: "Sapagka't kanilang tinakasan ang mga tabak, ang bunot na tabak, at ang akmang busog, at ang lala ng digmaan." Ito ay naganap noong si Propeta Muhammad (SKP) at ang kanyang mga kasamahan ay pinag-uusig. Nilisan nila ang Makkah at pumaroon sa Madinah.

Isaias 21:16: "Sapagka't ganito ang sinabi ng Panginoon sa akin, Sa loob ng isang taon, ayon sa mga taon ng magpapaupa, ang lahat ng kaluwalhatian ng Cedar (Kedar) ay mapapawi:" Sa ganap na ikalawang taon ng *Hijrah* (paglikas ng mga Muslim sa Madinah buhat sa Makkah), ang mga pagano ay nagapi sa labanan sa Badr.

Sa pagtatapos ang Isaias 21:17 ay nagbigay-wakas sa hula sa pamamagitan nito: "… sa mga makapangyarihang lalake na mga anak ni Cedar (Kedar), ay mangiilan: sapagka't ang Panginoon, ang Diyos ng Israel, siyang nagsalita." Si Kedar ay ang ikalawang anak ni Ismael (Genesis 25:13) na siyang pinagmulan ni Propeta

Muhammad (SKP). Sa simula ay inuusig ng mga inapo ni Kedar si Propeta Muhammad (SKP) at ang kanyang mga tagasunod. Subalit dahil marami sa kanila ang yumakap sa Islam, ang bilang ng mga inapo ni Kedar na sumasalungat ay nangaunti. Sa ilang talata ng Bibliya, ang katagang Kedar ay kasingkahulugan ng mga Arabe sa kabuuan, tulad ng nabanggit sa Ezekiel 27:21: "Ang Arabia, at lahat ng prinsipe sa Cedar (Kedar) …"

## Ang Propetang Gaya ni Moises

Ang Diyos ay nagsabi kay Moises (Deuteronomeo: 18:18): "Aking palilitawin sa kanila ang isang propeta sa gitna ng kanilang mga kapatid, na gaya mo; at aking ilalagay ang aking mga salita sa bibig niya, at kaniyang sasalitain sa kanila ang lahat ng aking iuutos sa kaniya."

**1.** Ang mga kapatid ng mga Israelita (mga inapo ni Abraham mula kay Isaac) ay ang mga Ismaelita (mga inapo ni Abraham mula kay Ismael). Hindi kabilang si Jesus dito dahil siya ay isang Israelita; at dahil kung hindi ang dapat sanang nakasulat ay "ang isang propeta sa gitna ninyo."

**2.** Si Muhammad ba ay hindi gaya ni Moises? Kung ito ay hindi matatanggap, ang pangakong ito ay matutupad pa lamang. Ang talahanayan sa ibaba na sinipi sa *Al-Ittihad*, Enero-Marso 1982, Pahina 41, ay hindi na kailangan ng paliwanag:

Ang sumusunod ay isang paghahambing ng ilan sa mga mahalagang katangian nina Moises, Muhammad, at Jesus (SlaKP) na maaaring makapagbigay-linaw sa pagkakakilanlan ng *Propetang yaon* na darating pagkatapos ni Moises:

| Uri ng Paghambing | Moises | Muhammad | Jesus |
|---|---|---|---|
| **Pagkasilang** | Karaniwan | Karaniwan | di-Karaniwan |
| **Buhay Pamilya** | May asawa't anak | May asawa't anak | Walang asawa't anak |
| **Pagkamatay**[14] | Karaniwan | Karaniwan | di-Karaniwan |
| **Katungkulan** | Propeta't Estadista | Propeta't Estadista | Propeta |
| **Sapilitang Paglikas** | Sa Median | Sa Medinah | Wala |
| **Sagupaan sa mga Kaaway** | Mainit na Tugisan | Mainit na Tugisan/ mga Labanan | Walang katulad na sagupaan |
| **Mga Resulta ng Sagupaan** | Moral at Pisikal na Tagumpay | Moral at Pisikal na Tagumpay | Moral na Tagumpay |
| **Pagsulat ng Kapahayagan** | Noong buhay pa siya (Torah) | Noong buhay pa siya (Qur'an) | Noong wala na siya |
| **Uri ng Katuruan** | Espirituwal/Legal | Espirituwal/Legal | Espirituwal sa kabuuan |
| **Pagtanggap ng mga tao sa Pamumuno** | Itinakwil at saka tinanggap din | Itinakwil at saka tinanggap din | Itinakwil (ng marami sa mga Israelita) |

**3.** "… aking ilalagay ang aking mga salita sa bibig niya." Samakatuwid ang kapahayagan ng Diyos ay dumating

---

[14] Ito ay ayon sa Bibliya ngunit ayon sa Qur'an si Jesus ay hindi napatay o namatay.

sa pamamagitan ni Anghel Gabriel at ang sariling pag-iisip ni Propeta Muhammad (SKP) ay walang kinalaman. Subalit ito ay totoo rin sa lahat ng mga Banal na pahayag. Marahil dito ay binanggit nang tiyakan dahil inihambing sa kapahayagan kay Moises na dumating na "nakasulat sa lapida" gaya ng pinaniniwalaan.

Deuteronomio 18:19: "At mangyayari, na sinumang hindi makikinig sa aking mga salita na kaniyang sasalitain sa aking pangalan, ay aking sisiyasatin yaon sa kaniya."

Sa Qur'an ang 113 sa 114 kabanata (Súrah) ay nagsisimula sa **"Sa Ngalan ni Allah, ang Napakamaawain, ang Pinakamaawain."** Gayundin, sa kanilang gawain sa araw-araw, ang mga Muslim ay nagsisimula sa pangungusap na ito. Hindi nila sinasabing sa Ngalan ng Diyos, kundi **"sa aking pangalan,"** sa sarili Niyang pangalan na **Allah.** Yayamang ito ay pangalang pansarili, hindi ito maaaring gawing panlalake o pambabae gaya ng ***Diyos*** o ***Diyosa*** o gawing maramihan gaya ng ***Diyos*** o ***mga Diyos.*** Ang mga Kristiyano ay nagsisimula sa **"Sa ngalan ng Ama, ng Anak, at ng Espiritu Santo."**

Mapapansing ang mga hindi makikinig sa kanya o magkakaila sa kanya ay parurusahan. Ito ay sumasang-ayon sa mga talata ng **Banal na Qur'an 3:19: "Tunay**

**na ang relihiyon para kay Allah ay Islam. …”** at sa **3:85: “At ang sinumang maghahangad ng iba pa sa Islam bilang relihiyon, hindi iyon matatanggap sa kanya; at siya sa Kabilang-buhay ay mapabibilang sa mga Talunan.”**

# Aking Lingkod, Sugo at Hinirang

Ang isang lalong malinaw na katuparan sa hula tungkol kay Propeta Muhammad (SKP) ay matatagpuan sa Isaias 42:

**1.** “Narito, ang aking lingkod, na aking inaalalayan; ang aking hinirang, na kinalulugdan ng aking kaluluwa; isinakaniya ko ang aking Espiritu; siya’y maglalapat ng kahatulan sa mga bansa.” Tinawag din siya na “aking sugo” sa talata 19. Walang pag-aalinlangan na ang lahat ng Propeta ay talagang mga alagad, mga sugo, at mga hinirang ni Allah. Subalit walang propetang tinawag sa kalahatan sa mga natatanging taguring ito gaya ni Muhammad (SKP), na sa wikang Arabe ay ‘*Abduhu* wa Rasúluhul Mustafá na ang kahulugan ay: ang Kanyang lingkod at ang Kanyang Sugo na hinirang. Ang patotoo ng isang taong yumayakap sa Islam ay: **“Sumasaksi ako na walang Diyos kundi si Allah, wala Siyang katambal at sumasaksi rin ako na si Muhammad ay Kanyang lingkod at Kanyang sugo.”** Ang mismong pahayag na ito ay inuulit-ulit nang makalimang beses araw-araw sa mga tore ng mga moske bilang panawagan sa

pagdarasal, limang beses din araw-araw tuwing kapag magsisimula na ang bawat dasal, siyam na beses sa isang araw sa *Tashahhud* sa loob ng mga dasal na kailangang gampanan, at maraming beses pa kung ang isang Muslim ay nagsasagawa ng mga itinatagubiling dasal. Ang pinakapalasak na taguri kay Propeta Muhammad (SKP) ay *Rasúlulláh,* na ang ibig sabihin ay ang Sugo ni Allah.

**2.** "Siya'y hindi hihiyaw, o maglalakas man ng tinig, o iparirinig man ang kaniyang tinig sa lansangan." Ito ay naglalarawan sa kagandahang-asal ni Propeta Muhammad (SKP).

**3.** "… siya'y maglalapat ng kahatulan sa katotohanan."

**4.** "Siya'y hindi manglulupaypay o maduduwag man, hanggang sa maitatag niya ang kahatulan sa lupa; at ang mga pulo ay maghihintay sa kaniyang kautusan." Ihambing ito kay Jesus, na hindi nanaig sa kanyang mga kaaway at nalungkot dahilan sa pagtakwil sa kanya ng mga Israelita.

**5.** . . .

**6.** "Ako, ang Panginoon, ay tumawag sa iyo sa katuwiran, at hahawak ng iyong kamay, at mag-iingat sa iyo, at ibibigay kita na pinakatipan sa bayan, na pinakaliwanag sa mga bansa (mga Hentil)." "at mag-iingat sa iyo," ibig sabihin ay wala nang ibang propetang darating pagkatapos niya. Sa loob ng maikling panahon, maraming mga Hentil (mga bansang hindi Hudyo) ang nagabayan sa Islam.

**7.** "Upang magdilat ng mga bulag na mata, upang maglabas ng mga bilanggo sa bilangguan, at nilang

nangauupo sa kadiliman mula sa bilangguan." Ang "mga bulag na mata, nangauupo sa kadiliman" ay tumutukoy rito sa buhay pagano. Ang "upang maglabas ng mga bilanggo sa bilangguan" ay tumutukoy sa pagbibigay-wakas sa pang-aalipin sa unang pagkakataon sa kasaysayan ng sangkatauhan.

**8.** "Ako ang Panginoon; na siyang aking pangalan: at ang aking kaluwalhatian ay hindi ko ibibigay sa iba, o ang akin mang kapurihan sa mga larawang inanyuan." Si Propeta Muhammad (SKP) ay namumukod-tangi sa lahat ng mga Propeta sapagkat siya ang **Kahuli-hulihan sa mga Propeta** at ang kanyang mga katuruan ay nanatiling hindi nabaluktot magpahanggang sa kasalukuyan, kung ihambing sa katuruan ng Kristiyanismo at Judaismo.

**10.** "Magsiawit kayo sa Panginoon ng bagong awit, at ang kapurihan niya na mula sa wakas ng lupa …" Ang isang bagong awit ay hindi sa Hebreo o sa Aramaic kundi sa Arabe. Ang papuri sa Diyos at sa Kanyang sugo na si Muhammad (SKP) ay "inaawit" nang limang beses araw-araw sa mga *minaret* (tore) ng milyun-milyong moske sa buong mundo.

**11.** "Mangaglakas ng kanilang tinig ang ilang at ang mga bayan niyaon, ang mga nayon sa tinatahanan ng Cedar (Kedar): magsiawit ang mga nananahan sa Selah, magsihiyaw sila mula sa mga taluktok ng mga bundok." Mula sa bundok ng Arafat malapit sa Makkah, ang mga nagsasagawa ng *Hajj* ay "umaawit" taun-taon ng sumusunod: ***"Bilang pagtugon sa Iyong panawagan, o Allah, bilang pagtugon sa Iyong***

***panawagan; bilang pagtugon sa Iyong panawagan, wala Kang katambal, bilang pagtugon sa Iyong panawagan. Tunay na ang papuri at ang pagbibiyaya ay ukol sa Iyo at ang paghahari; wala Kang katambal.”*** Ang Isaias 42 ay hindi kailanman maaaring ipatungkol sa isang Israelitang propeta sapagkat si Kedar ay ang ikalawang anak ni Ismael (SKP). Tingnan mo ang Genesis 25:13.

**12.** “Mangagbigay luwalhati sila sa Panginoon, at mangagpahayag ng kaniyang kapurihan sa mga pulo.” At tunay naman na ang Islam ay lumaganap sa mga maliliit na pulo hanggang doon sa Indonesia at Caribbean Sea.

**13.** “… siya’y gagawing makapangyarihan laban sa kaniyang mga kaaway.” Sa loob ng maikling panahon, ang Kaharian ng Diyos ay naitatag sa mundo kasabay ng pagdating ni Propeta Muhammad (SKP). Itong ika-42 kabanata ng Isaias ay tumutugon sa mga katangian ni Propeta Muhammad (SKP).

## Tinawag Siya ni Haring David na “Aking Panginoon”

Mga Awit 110:1: “Sinabi ng Panginoon sa aking panginoon, Umupo ka sa aking kanan, Hanggang sa aking gawing tungtungan mo ang iyong mga kaaway.”

May binanggit dito na dalawang Panginoon. Kung ang unang Panginoon (ang nagsalita) ay Diyos, ang

ikalawang panginoon (ang kinakausap) ay hindi maaaring maging Diyos din sapagkat si David ay nakakikilala ng isang Diyos lamang. Samakatuwid ang dapat sanang mababasa rito ay: "Sinabi ng Diyos sa aking panginoon …" Sino yaong tinawag ni David na "aking panginoon"? Sinasabi ng Simbahan na si Jesus! Subalit ikinaila ito ni Jesus mismo sa Mateo 22:45, Marcos 12:37 at Lucas 20:42-44. Hindi niya ibinilang ang kanyang sarili na pinatutungkulan ng titulong ito dahil siya ay isang anak ni David. Papaano siya tatawagin ni David na "aking panginoon" kung siya ay anak nito, katwiran ni Jesus. Nagsabi si Jesus sa Lucas 20:41-44: "… Paanong sinasabi nila na ang Cristo ay anak ni David? Sapagka't si David din ang nagsabi sa aklat ng Mga Awit, Sinabi ng Panginoon sa aking panginoon; Maupo ka sa aking kanan, Hanggang sa gawin ko ang iyong mga kaaway na tuntungan ng iyong mga paa." Dahil dito tinatawag siyang Panginoon ni David, at paanong siya'y anak niya?"

Si Jesus ay tiyak na nagbibigay ng kasagutan na hindi naisulat sa apat na Ebanghelyong kanoniko (kinikilala ng Simbahan), ngunit nabanggit nang maliwanag sa **Ebanghelyo ni Bernabe (Gospel of Barnabas)** na ang pangako ay ginawa kay Ismael at hindi kay Isaac. Kaya ang panginoon ni David (SKP) ay si Propeta Muhammad (SKP) na nakita niya sa espiritu. Walang propetang may nagawang higit pa kaysa kay Propeta Muhammad (SKP). Kahit na pagsama-samahin pa ang mga nagawa ng lahat ng ibang Propeta ay maliit pa rin kung ihahambing sa mga nagawa ni Propeta Muhammad (SKP) sa loob ng

maikling panahon na 23 taon, na nananatiling hindi nagbago hanggang sa kasalukuyan.

## Ikaw Baga ang Propeta?

Nagsugo ang mga Hudyo ng mga saserdote at mga Levita kay Juan Bautista upang magtanong kung sino ba talaga siya. **(Juan 1:20-21):** "At kaniyang ipinahayag, at hindi ikinaila; at kaniyang ipinahayag, hindi ako ang Cristo. At sa kaniya'y kanilang itinanong, Kung gayo'y ano nga? Ikaw baga'y si Elias? At sinabi niya, Hindi ako. Ikaw baga ang propeta? At siya'y sumagot, Hindi." Ang mahalagang katanungan dito ay **Ikaw baga ang propeta?** Sino kung gayon ang propeta na matagal nang hinihintay matapos na dumating sina Jesus at Juan Bautista (SlaKP)? Hindi kaya siya ang gaya ni Moises **(Deuteronomio 18:18)** na si Muhammad (SKP)?

# Magbabautismo sa Espiritu Santo at sa Apoy

Mateo 3:11: "Sa katotohanan ay binabautismuhan ko (Juan Bautista) kayo sa tubig sa pagsisisi: datapuwa't ang dumarating sa hulihan ko ay lalong makapangyarihan kaysa akin, na hindi ako karapatdapat magdala ng kaniyang pangyapak: siya ang sa inyo ay magbabautismo sa Espiritu Santo at apoy."

Kung si Jesus ang tinutukoy rito, si Juan Bautista ay hindi na sana bumalik sa bundok upang muling manirahan doon, sa halip ay sumama na sana siya kay Jesus at naging isa sa mga disipulo nito, na hindi niya naman ginawa. Samakatuwid may isa pang makapangyarihang Propeta na tinutukoy rito, at hindi si Jesus. Ang darating pagkatapos ni Juan Bautista ay hindi maaaring maging si Jesus dahil silang dalawa ay magkapanahon. Heto na naman, hindi kaya si Propeta Muhammad (SKP) ang tinutukoy rito ni Juan Bautista?

# Ang Lalong Maliit sa Kaharian ng Langit

Si Jesus ay naitalang nagsasabi (Mateo 11:11): "Katotohanang sinasabi ko sa inyo, Sa gitna ng mga ipinanganganak ng mga babae ay walang lumitaw na isang dakila kay sa kay Juan Bautista: gayon man ang lalong maliit sa kaharian ng langit ay lalong dakila kay sa kaniya."

Makapaniniwala ka ba na si Juan Bautista ay higit na dakila kaysa kina Adan, Noe, Abraham, Moises, David, at sa marami pang mga Propeta? Ilan bang mga pagano ang nahikayat ni Juan Bautista at nagkaroon ba siya ng ilang mga tagasunod? Ngunit hindi ito ang pinakamahalagang punto rito. Ang katanungan ay: Sino yaong lalong maliit sa kaharian ng langit, na higit na dakila pa kay Juan Bautista? Tiyak na hindi si Jesus, dahil sa panahong yaon ang kaharian ng Diyos ay hindi pa nabuo at naitatag, at hindi niya kailanman sinabing siya ang lalong maliit—ibig sabihin ay ang pinakabata. Ang Kaharian ng Langit ay binubuo ng Diyos bilang siyang Kataas-taasan at ng lahat ng Propeta. Ang lalong maliit o ang pinakabata roon ay si Propeta Muhammad (SKP).

# Mapapalad ang mga Mapagpayapa

Sa kanyang pangaral sa bundok, si Jesus ay naitalang nagsabi (Mateo 5:9): “Mapapalad ang mga mapagpayapa: sapagka’t sila’y tatawaging mga anak ng Diyos.”

Ang Islam ay nangangahulugan Kapayapaan: kapayapaan sa pagitan ng Lumikha at mananamba. Hindi maaaring tukuyin ni Jesus ang kanyang misyon bilang mapagpayapa dahil hindi siya naparito para sa kapayapaan. (Mateo 10:34-36): “Huwag ninyong isiping ako’y naparito upang magdala ng kapayapaan sa lupa: hindi ako naparito upang magdala ng kapayapaan, kundi tabak. Sapagka’t ako’y naparito upang papagalitin ang lalake laban sa kaniyang ama, at ang anak na babae laban sa kaniyang ina, at ang manugang na babae laban sa kaniyang biyanang babae. At ang magiging kaaway ng tao ay ang kaniya ring sariling kasangbahay.” Tingnan mo rin ang Lucas 12:49-53.

# Ang Mang-aaliw

Juan 14:16: “At ako’y dadalangin sa Ama, at kayo’y bibigyan niya ng ibang Mang-aaliw, upang siyang suma inyo magpakailan man.”

Hindi natin ganap na nalalaman ang orihinal na salitang Aramaic na ginamit ni Jesus para sa Mang-aaliw (*Comforter*). Ang ibang mga Bibliya (sa Ingles) ay gumagamit ng *Consoler* (Taga-aliw), *Advocate* (Tagatangkilik), *Helper* (Katulong), at sa Bibliyang Griego naman ay ang katagang *Paraclete.* Mayroong magkakaibang mga paliwanag para rito: Espiritu Santo, ang Salita, isang persona, at iba pa.

Ipinahayag ng Banal na Qur’an sa Súrah 61:6 na binanggit nang maliwanag ni Jesus ang pangalang ***Ahmad***: **“At *banggitin* noong magsabi si Jesus na anak ni Maria: “O mga anak ni Israel, tunay na ako ang sugo ni Allah sa inyo na nagpapatotoo sa Torah na nauna sa akin at naghahatid ng nakalulugod na balita ng isang Sugo na darating kapag wala na ako, na ang kanyang pangalan ay Ahmad.” Subalit noong dumating na siya sa kanila dala ang mga malinaw na patunay ay nagsabi sila: “Ito ay isang malinaw na panggagaway.” ”** Ang Ahmad ay ang ikalawang pangalan ni Propeta Muhammad (SKP), na ang literal na kahulugan ay ang nagpupuri kay Allah nang higit kaninuman.

Kung anuman ang kapaliwanagan ng katagang **Mang-aaliw,** masasabi natin na si Jesus ay nag-iwan ng hindi natapos na gawain, at na mayroon pang isang darating

upang lubusin ang kanyang misyon. Suriin natin nang mabuti sa liwanag ng Bibliya kung ang **Mang-aaliw** na ito ay tumutugma sa mga katangian ni Propeta Muhammad (SKP).

**1.** "ibang Mang-aaliw": Napakarami na ang mga Mang-aaliw na dumating, at mayroon pang isang darating.

**2.** "upang siyang suma inyo magpakailan man": dahil hindi na kailangan na may isa pang darating pagkatapos niya, at siya ang Kahuli-hulihan sa lahat ng Propeta. Ang katuruan ay mananatili magpakailanman at mananatiling di-nabago. Sa katunayan, ang Banal na Qur'an at ang lahat ng katuruan niya ay nananatiling di-nabago sa nakalipas na 1400 taon.

**3.** "kaniyang susumbatan ang sanglibutan tungkol sa kasalanan" (Juan 16:8): ang lahat ng iba pang Propeta, pati na sina Abraham, Moses, David, at Solomon ay tumuligsa sa kanilang mga tao at mga kababayan dahil sa kasalanan, subalit hindi sa sanlibutan na gaya ng ginawa ni Muhammad (SKP). Hindi lamang niya naalis ang pagsamba sa mga diyus-diyusan sa Arabia sa loob ng 23 taon, nagpadala pa siya ng mga sugo kay Heraclius, sa mga hari ng Emperyong Persiano at Romano, sa Najashí na Hari ng Ethiopia, at kay Muqawqis na Gobernador ng Egipto [upang anyayahan sila sa Islam].

Sinumbatan niya ang mga Kristiyano sa paghati sa Kaisahan ng Diyos sa Trinidad, sa pagtaas kay Jesus bilang anak ng Diyos at mismong Diyos. Siya rin ang tumuligsa sa mga Hudyo at mga Kristiyano sa

pagbabago nila ng kanilang mga kasulatan, ang nagpatunay sa karapatang mana ni Ismael (SKP), at ang nagpabula sa mga paratang sa mga Propeta na pangangalunya sa kamag-anak, pangangalunya sa di-kamag-anak, panggagahasa, at pagsamba sa mga diyus-diyusan.

**4.** "sapagka't ang prinsipe ng sanglibutang ito ay hinatulan na." (Juan 16:11). Ito ay si Satanas ayon sa pagpapaliwanag sa Juan 12:31 at 14:30. Samakatuwid dumating si Propeta Muhammad (SKP) upang sumbatan ang sanlibutan tungkol sa hatol.

**5.** "ang Espiritu ng katotohanan" (Juan 16:13). Magmula pa sa pagkabata, si Propeta Muhammad (SKP) ay tinatawag nang *al-Amín*, na nangangahulugang ang Mapagkakatiwalaan o ang Tapat, at "papatnubayan niya kayo sa buong katotohanan …" (Juan 16:13).

**6.** "sapagka't hindi siya magsasalita ng mula sa kaniyang sarili; kundi ang anomang bagay na kaniyang maririnig" (Juan 16:13).

Ang Banal na Qur'an ay salita ng Diyos. Wala ni isa mang salitang mula kay Propeta Muhammad (SKP) o sa kanyang mga Kasamahan ang naisama rito. Binasa ito ni Anghel Gabriel sa kanya, isinaulo niya ito, at isinulat ito ng kanyang mga tagasulat. Ang kanyang sariling mga salita at mga katuruan ay nakatala sa tinatawag na *Hadíth* o Kalakaran (*Ahádíth*, ang pangmaramihan).

Ihambing sa Deuteronomio 18:18: "…at aking ilalagay ang aking mga salita sa bibig niya, at kaniyang sasalitain sa kanila ang lahat ng aking iuutos

sa kaniya." Umaayon ito sa **Súrah 53:2-4: "Ang kasama ninyo ay hindi naligaw o nagkamali. At hindi siya nagsasalita ng ayon sa kanyang pithaya. Ito ay isang kapahayagan lamang na ipinahahayag sa kanya."**

**7.** "at kaniyang ipahahayag sa inyo ang mga bagay na magsisidating" (Juan 16:13). Ang lahat ng hula ni Propeta Muhammad (SKP) ay nagkatotoo [at magkakatotoo].

**8.** "Luluwalhatiin niya ako" (Juan 16:14). Sa totoo lamang, ang Banal na Qur'an at si Propeta Muhammad (SKP) ay may higit na malaking pagpipitagan kay Jesus (SKP) kaysa sa Bibliya at mga Kristiyano mismo. Ang mga sumusunod ay maglilinaw:

**A.** Ang paniniwala sa kamatayan niya sa krus ay nagpapabula sa kanyang pagkapropeta ayon sa Deuteronomio 13:5: "At ang propetang yaon o ang nagbibigay ng kahulugan sa panaginip ay dapat patayin …" [Ang paniniwalang] ito ay nagpapakilala rin na siya ay isinumpa ng Diyos (Ilayo ni Allah!) ayon sa Deuteronomio 21:22-23: "… sapagka't ang bitin ay isinumpa ng Diyos …"

**B.** Mateo 27:46: "… Dios ko, Dios ko, bakit mo ako pinabayaan?" Hindi kaya maaaring nasabi ito ng iba pa kay Jesus? Kahit na ang isang di-propeta ay ngingiti sa pasakit dahil nalalaman niya na ang kanyang kamatayan ay ikapagtatamo niya ng kamartiran. Hindi kaya ito ay isang insulto kay

Jesus (SKP) dahil para bang wala siyang pananampalataya sa Diyos?

**K.** Tayong mga Muslim ay hindi makapaniwalang magagawa ni Jesus na bansagan ang mga Hentil (mga hindi Hudyo) na mga aso at mga baboy, at tawagin ang kanyang ina na **Babae,** dahil nagpahayag ang Banal na Qur'an sa **Súrah 19:32: "… at na mabuti sa aking ina, at hindi Niya ako ginawang palalo, suwail."** Sinabi sa Mateo 7:6: "Huwag ninyong ibigay sa mga aso ang anomang banal, ni ihagis man ang inyong mga perlas sa harap ng mga baboy …" at sa Juan 2:4: "At sinabi sa kaniya (Maria) ni Jesus, Babae, anong pakialam ko sa iyo?"

# Ang Kapahayagan kay Propeta Muhammad (SKP)

Ang unang kapahayagan ni Allah, sa pamamagitan ni Anghel Gabriel, kay Muhammad (SKP) ay ang katagang *"Iqra"* na ang kahulugan ay **"Bumasa ka"** na nasa **Súrah 96:1-5.** Dahil sa siya ay hindi marunong sumulat at bumasa, ang kanyang sagot ay: **"Ako'y hindi marunong bumasa."** Ang unang kapahayagan na ito ay hinulaan sa Isaias 29:12: "At ang aklat ay nabigay sa kaniya na hindi marunong, na sinabi, Iyong basahin ito,

isinasamo ko sa iyo: at kaniyang sinabi, **Ako'y hindi marunong bumasa."**

Ang pagkasunud-sunod ng mga kapahayagan ay hindi yaong pagkasunod-sunod na ating nakikita sa Qur'an. Sa madaling salita, ang unang bahagi na ipinahayag ay hindi ang nasa unang pahina at ang huling bahagi na ipinahayag ay hindi ang nasa huling pahina. Na ang mga kapahayagang ito, na paunti-unting dumating at isinaayos ayon sa pagkasunud-sunod na [makikita ngayon] sa Qur'an na alinsunod sa iniatas ni Allah, ay binanggit din sa Isaias 28:10-11: "Sapagka't utos at utos, utos at utos; bilin at bilin, bilin at bilin; dito'y kaunti, doo'y kaunti. Hindi, kundi sa pamamagitan ng mga *taong* may ibang pangungusap at may iba't ibang wika[15] ay sasalitain niya sa bayang ito." Ang "may ibang pangungusap" ay nangangahulugang ibang wika, hindi Hebreo, hindi Aramaic, kundi Arabe.

Ang mga Muslim sa buong mundo ay gumagamit ng isang wika, ang Arabe, sa pagtawag sa kanilang Diyos, sa kanilang mga pagdarasal *(s̲aláh),* pagsasagawa ng *pilgrimage (h̲ajj)* at sa pagbabatian sa bawat isa

---

15 Sa *King James Version* ang pagkakasalin ng "iba't ibang wika" ay "another tongue" (ibang wika) at sa *Revised Standard Version* naman ay "alien tongue" (dayuhang wika). Lumalabas na ang pagkakasalin sa Bibliyang Tagalog ay mali dahil ang ibig sabihin ng "iba't ibang wika" ay "different (various) languages." Kaya malinaw na ang sasalitain ng taong iyon ay isang wikang iba sa Hebreo.

(*assalámu ‘alaykum*). Itong pagkakaisa sa wika ay hinulaan din sa Zefanias 3:9: “Sapagka’t akin ngang sasaulian ang mga bayan ng dalisay na wika, upang silang lahat ay makatawag sa pangalan ng Panginoon; na paglingkuran siya na may pagkakaisa.” Sayang, ang katotohanan ay dumating sa wikang Arabe, subalit ang iba ay naghihintay pa rin kay Propeta Jesus (SKP) na harinawa ay magtuturo sa sangkatauhan na sambahin lamang si Allah sa iisang tanging wika sa kanyang ikalawang pagdating. Tayong mga Muslim ay nakatitiyak na si Propeta Jesus (SKP) sa kanyang ikalawang pagdating ay makikiisa sa mga Muslim sa kanilang mga moske yayamang siya, gaya ng iba pang mga Muslim, ay tinuli, hindi kumakain ng baboy, at nagsagawa ng mga pagdarasal na may kasamang paghuhugas (*wuḏú‘*), pagtayo, pagyukod, at pagpapatirapa.